Ang Ikalimang Tatak

Jeffersonville, Indiana, USA
Marso 22,1963

1 Magsiyuko tayo ngayon para manalangin. Mabiyaya at makalangit na Ama, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na Siyang nagbangong muli kay Jesus Cristo mula sa mga patay at iniharap Siya sa amin sa huling araw na ito sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, nagpapasalamat kami sa mga makapangyarihang pagdalaw na ito ng— ng imortal na Diyos. At ngayon, Ama, nahaharap kami sa panibagong oras, isang oras na maaaring bumago sa walang hanggang destinasyon ng maraming tao. At sa pagtungo dito, Panginoon, kapos po kami, dahil napapaloob sa mga Kasulatan na ang Cordero ang kumuha ng Aklat at nagbukas ng mga Tatak. Oh, Cordero ng Diyos, lumapit Ka, dalangin namin. Tumatawag kami sa Iyo, Panginoon, ang dakilang Manunubos. Lumantad Ka po at ipakita Mo sa amin ang Iyong plano ng katubusan na naikubli sa maraming taon, buksan Mo po ang Ikalimang Tatak na ito sa amin sa gabing ito, Ama, at ipahayag kung ano ang nasa ilalim ng Tatak na iyon para sa amin, upang makaalis kami na mas mabuting mga Cristiano kaysa dati—mas higit na handa para sa gampanin na nasa aming unahan. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

2 Magandang gabi mga kaibigan. Itinuturing kong isang malaking pribilehiyo ang maparito ngayong gabi sa dakilang kaganapang ito. Wala akong alam na lugar kung saan ay maaaring maging mas mainam ang aking pakiramdam kaysa sa mapasagawain ng Hari. At ngayon, lalo pa sa pagtunghay natin sa mga araling ito kung saa'y naghihintay lang tayo... Kung hindi Niya ito ihahayag sa akin, hindi ko ito maibibigay sa inyo. Hindi ko sinusubukang gamitin ang alinman sa sarili kong mga kaisipan o anumang bagay, kundi ayon lang sa ibibigay Niya. At tama 'yon. At nakatitiyak ako na kung hindi ko ginagamit ang sarili kong mga kaisipan at dumarating ito tulad sa naganap, sa buong buhay ay hindi ito namali kailanman; hindi ito mamamali ngayon.

3 Ngayon, nagdiriwang tayo at nagpapasalamat nang lubos sa mga ginawa Niya sa atin, ang dakila't mahiwagang kamay ng buhay na Diyos. Ano pa ang mas dadakila, paano pa tayo higit na magiging mapapalad na tao kaysa sa mapasaating presensya ang Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon? Marahil ay sisilbato tayo, at magtataas ng mga watawat, at maglalatag ng mga carpet at lahat na sa pagdating sa siyudad ng Presidente ng bansa .

Ngunit isipin n'yo lang, magiging mabuti 'yon, at magiging isang karangalan para sa siyudad. Ngunit isipin n'yo, sa ating munti at hamak na Tabernakulo ngayong gabi, ay iniimbitahan natin ang Hari ng mga hari, ang Diyos; at hindi natin... Hindi Siya naghahangad ng mga inilatag na carpet at iba pa. Ang hangad Niya ay mga nakalapag na mapagpakumbabang puso, upang makuha Niya ang mga ito at maihayag sa kanila ang mabubuting mga bagay na inilaan Niya para sa mga umiibig sa Kaniya.

4 Ngayon, humiling tayo na... At mayroon akong patotoo na gusto kong ibahagi. Ngayon, kung nagkakamali ako rito... Narinig ko lang ito, at maaaring nagkakamali ako, ngunit wari ko'y narito ang mga tao na pinatutungkulan ng patotoong iyon. At, ilang araw pa lang ang nakararaan nang naroon ako sa bahay namin ngayon sa Arizona, nakatanggap kami ng tawag na nagsasabing may isang batang lalaki na may rheumatic fever; at tumutuloy iyon sa puso. At siya'y mistulang isang... Ang kaniyang ama at ina ay napakatatalik kong mga kaibigan. Isa siya dati sa mga diyakuno dito sa iglesia, si Brother Collins. Ang anak niyang lalaki, ang batang si Mikie (na kala-kalaro ni Joe) ay pinahihirapan ng rheumatic fever na may kinalaman sa puso, at pinauwi na siya ng duktor, iniratay siya sa kama, at binilinan ang mga magulang na huwag siyang patayuin, ni pabangunin man para uminom ng tubig: painumin na lang siyang gamit ang isang straw; napakalala ng kalagayan niya. At tapat ang kaniyang mga magulang, dito sila sa Tabernakulo nagsisimba at sila'y sumasampalataya.

5 At ilang gabi na ang nakararaan, hindi sa pagpapaliban... Naganunsyo tayo ng healing service na idadaos sa araw ng Linggo, ngunit nang makita kong kailangan nating sumagot sa mga katanungan, kinailangan nating hindi ituloy ang healing service. At mayroon akong munting bagay na kinikipkip, sa aking puso. At gustong malaman ng nanay at tatay kung maaari nilang dalhin ang bata sa silid, at dinala nga nila ang bata roon, at hinayag ng Espiritu Santong magaling na siya.

6 At kaya nga ang mga magulang, bilang paggalang do'n, iniuwi na nila ang munting bata at pinapasok na siya sa eskwelahan—basta't pinapasok na siya sa eskwelahan. Nalaman ito ng duktor. Kaya't hindi iyon ikinatuwa ng duktor, at sinabihan niya ang nanay na dapat ay pahigain ang bata, siyempre; at ikinuwento niya sa kaniya ang pangyayari. At wari ko ang lalaki ay isang, sa pagkakaintindi ko, ay isang mananampalatayang Cristiano sa denominasyon, isang Seventh Day

Adventist—yung duktor. Kaya't, aniya, “Buweno, dapat ay inyong... Oras na para suriin ko ang bata.” Aniya, “Dapat ay ipasuri mo man lang siya.” Sabi niya, “Buti pa nga.” Dinala nila ang bata, at sinuri ng duktor ang dugo, na kinaroroonan ng rheumatic fever... At kaya sa pagkaunawa ko'y masyadong namangha ang duktor na hindi niya malaman ang gagawin. Ang munting bata'y normal na normal, maayos, at magaling na.

7 Ngayon, ako'y—narito ba ang mga Collins... Maaaring mali ang pagkakasabi ko. Hindi ko... Tama ba

'yon, Sister Collins? Oo. Iyan ang batang si Mikie Collins, mga anim, o pitong taong gulang, at nangyari 'yon doon mismo sa silid mga tatlong gabi na ang nakararaan. Oh, tiyak na may Isang naroroon sa silid maliban sa mga tao. Iyon ay ang dakila't makapangyarihang Jehovah (Tama.) na dumarating upang parangalan ang Kaniyang Salita. At nagpapasalamat ako nang husto na marinig iyan. Kita n'yo? Alam ko lahat tayo. Hindi lang ako, kundi tayong lahat, dahil ano kaya kung anak n'yo 'yon o kaya'y sa akin?

8 At tandaan n'yo, nagpapatotoo ako, isa lang, at kumukuha ako ng paisa-isa rito at doon; nangyayari ito sa lahat ng dako, ngunit para lang ipaalam sa inyo na—na ang tunay na ministeryo ko ay sa divine healing. Ngunit inyong—narito ako para sa mga Tatak na ito dahil... Maya-maya pa'y malalaman n'yo kung bakit kinailangan ko itong gawin. Kaya nga, hindi ako isang guro. Hindi ako isang teologo. Nananalangin lang ako para sa maysakit, at mahal ko ang Panginoon. At ngayon, ganoon pa man... Kagabi'y nagpatotoo tayo tungkol sa isang batang babae... Nasa akin ang pangalan niya, at nakilala ni Billy ngayon lang ang mga magulang na narito ngayon. At ang batang babae ay nasa malalang yugto na ng leukemia, talagang...?... Napakalala na hindi na nila siya mapakain sa bibig; kinailangan siyang... Sinalinan siya ng dugo sa mga ugat. At napakaganda niyang bata. Maliit siya para sa kaniyang edad. (Halos sinlaki ng batang babaeng ito, sa wari ko, ngunit mga ganito siya kataas; napaka...) Katulad din sila ng karamihan sa atin. Masasabi mo sa pananamit ng bata at ng mga magulang na napakahirap nila, sadyang napakahirap, kung kaya't—ngunit napakagalang, at hinayag ng Espiritu Santo na magaling na ang batang iyon.

9 Ngayon, isipin n'yo lang iyan—may leukemia. Ang munting batang iyon... At napakalala na ng dugo niya na hindi na ito mapakain sa bibig. Kinailangang dalhin ito sa ospital at salinan ng dugo sa mga ugat, at pakanin, ng wari ko'y glucose o anuman... Hindi ko alam ang gamit na terminong pang-medisinang para sa sakit na iyon; ngunit ganunpaman, kinailangan itong

pakanin sa ganung paraan. At bago lisanin ng bata ang lugar na iyon, humingi na siya ng hamburger. At ang mga magulang, matapos nilang marinig ang Espiritu Santo na nagsabing, ITO ANG SABI NG PANGINOON (Kita n'yo?), sila, at ang mga estrangherong iyon, na hindi pa naparito dati, ngunit kanilang... Ang mabait na mag-asawa na nagbigay ng kanilang mga upuan sa kanila kani-kanina lang, si Brother at Sister Kidd, ay nagturo sa kanila kung ano ang dapat gawin at ano ang dapat pakinggan, at kumain ang bata sa daan habang papauwi sa kanilang bahay.

10 Dalawa o tatlong araw makaraan iyon sa eskwelahan, pumunta sila sa duktor, at namangha nang husto ang duktor, sabi niya, "Ni walang isa mang bakas ng leukemia na makita sa bata." Kita n'yo? Ngayon, iyon ay natumbok nang mabilisan, kinuha ng kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang daloy ng dugo at pagdaka'y nilinis iyon at ibinalik ang pagpintig ng bagong buhay, dahil ang daloy ng iyong dugo ang buhay mong mortal, at lumikha Siya ng panibagong mga selula at tinanggal ang luma. At ano ito, ito'y ganap na... Sasasabihin ko ito: Isang mapanlikhang gawa ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang kumuha ng isang daloy ng dugo na kontaminado ng kanser na ang munting bata ay nanilaw na at mamaga. At sa loob lang ng ilang sandali, ay naging isa nang sariwang daloy ng dugo.

11 Naniniwala ako, (Hindi ko ito sasalitain sa Kaniyang Pangalan; sasalitain ko ito ayon sa kapahayagan ng aking pananampalataya), ang nangyari sa Sabino Canyon nung isang araw... Naniniwala ako na paparating na ang oras na kung saan ay mapanunumbalik na ang mga nawawalang biyas, at ang maluwalhating kapangyarihan ng Manlilikha ay... Naniniwala ako na kung kaya Niyang magpalitaw ng sguirrel na walang... Kung dito ay nabalik ang kulang na bahagi ng isang lalaki o babae, iyon ay isang buong hayop. Oh, Siya'y Diyos. Ma—mahal ko Siya.

12 Buweno, ngayon, nagsisimula na naman ako sa mga paksang iyan, at salita tayo nang salita, samantalang ang mga tao'y nakatayo sa tabi ng mga dingding at sa mga pasilyo at mga silid at iba pa. Kaya tutuloy na ako kaagad sa mensahe, at gusto kong sabihin ito... Ngayon, gusto kong magpasalamat sa Kaniya na nasa lahat ng dako, at sa araw na ito, wala akong kaalam-alam tungkol sa Ikalimang Tatak na iyon, mahiwaga muli itong dumating kaninang umaga, mga isang oras bago magbukang-liwayway nang ako'y nananalangin. At sa araw na ito... Namalagi lang ako nitong huling lima o anim na araw sa isang munting silid, hindi ako nakipagkita kaninuman, lumalabas lang ako at kumakaing kasalo ng isang kaibigan, ng ilang kaibigan ko rito. At siyempre, alam n'yo kung sino ang mga kaibigan kong iyon; Sina Brother at Sister

Wood. Kita n'yo? At—at alam n'yo... At nagpunta ako roon at—at namalagi sa kanila, at ang bawat isa'y naging mabait. Hindi tayo tumalakay ng anumang bagay, kundi ang... Sinisikap kong manatili sa mensahe ng mga Tatak na ito. Mahalaga ito. Naniniwala akong ito na ang oras ng kapahayagan nito.

13 At ngayon, gusto kong tiyakin ninyo, ganito pa lang kaaga, sa abot ng magagawa n'yo, isulat n'yo na ang mga hindi ninyo maintindihan sa Pitong Tatak na ito, kung mayroon man, at ilapag n'yo sa mesa. At marahil ay maglalagay ng isang kahon si Brother Neville o kung sinuman dito sa itaas... Buweno, heto—heto, nakita ko na ang mga iyon. Mabuti iyan. Mas gusto kong makuha ang mga iyon ngayong gabi

para mapag-aralan ko muna para sa Linggo ng umaga.

14 Ngayon, huwag kayong... Sa pagkakataong ito, sa panahong ito, huwag kayong magtanong tulad ng, "Ang katibayan ba ng Espiritu Santo ay ganito?" Kita n'yo? Gusto kong malaman ang tungkol sa itinuro ko (Nakita n'yo?), para makuha natin nang tuloy-tuloy ang paksang ito, tulad ng mga kapanahunan ng iglesia (Kita n'yo?), dahil iyan ang tinatalakay natin ngayon. Ngayon, tulad halimbawa ng kung mananalangin tayo para sa maysakit at marahil ay kakailanganin niyon ng ibang uri ng panalangin, at ika'y pinahiran, at naparito ka para sa ibang bagay, alam n'yo na, at hinihiling mo sa Diyos na iyong malaman, "May darating ba roon ngayong gabi, Panginoon?" "Oo, may darating na nakadilaw na damit, nakaupo sa gawing kanan, at kapag tinawag mo siya, tawagin mo siya nang ganito, at sabihin sa mo na ganito at ganiyan ang ginawa niya, at mayroon siyang ganito at ganiyan." At pagparoon mo ay makikita mo na naroroon nga siya. Kita n'yo? Hayan. Kita n'yo? Iba 'yon. Kita n'yo? At ganito ang aking panalangin: "Panginoong Jesus, anong interpretasyon nito? Ipahayag Mo po sa akin."

15 Ngayon, ilabas natin ang ating mga Tabak ngayon, ang Salita. At pinahahalagahan ko ang suportang espirituwal ni Brother Neville na narito sa aking likuran, maging ang kaniyang pag-ibig sa kapatid, nananalangin para sa akin, at maging kayo man na naririyan. At ngayon, dahil Biyernes ng gabi, sisikapin nating—sa abot ng ating... Ating... Imposibleng matalakay natin ang lahat, pagka't kung tatalakayin mo ang isa lang sa mga Tatak na iyon at tututok ka roon, at dadalhin mo ito sa buong Kasulatan. Kita n'yo, gugugol ka ng maraming buwan, at hindi mo pa rin ito makukuha, 'pagkat pinagduduktong-duktong ng Tatak ang buong Kasulatan mula sa Genesis hanggang Apokalipsis, isang Tatak lang.

16 Kaya ang sinisikap kong gawin ay ang huwag lumayo rito, nagsusulat ako rito ng isang Kasulatan o ng isang munting tala, at sinisikap kong huwag manatili sa isang iyon, kailangang kong bantayang nakababalik ako dahil ako'y... Sa pagsasalita, nangungusap ako sa paraang... Umaasa akong ito ang tamang inspirasyon. At kapag tinitignan ko ang... yaong... At kapag nagpasimula na akong magsalita at nararamdaman kong lumalayo na ako sa paksa, pumipihit ako at lumilingon pabalik upang kumuha ng ibang Kasulatan upang mailakip do'n (Nakita n'yo?), para pagaangin iyon nang kaunti sa halip na magpatuloy do'n.

17 At kaya ngayon, pag-aaralan natin ngayong gabi, sa biyaya ng Diyos, sa tulong Niya, ang Ikalimang Tatak. At ito'y maiksi lang. Mas mahaba lang ito ng kaunti kaysa sa iba. Ang apat na mangangabayo ay tig-dadalawang talata, at ang isang ito nama'y may tatlong talata. Ngayon, nagsisimula ang Ikalimang Tatak sa ika-6 na kabanata ng Apokalipsis, sa ika-9 na talata. At ngayon, kung nagkataong kayo'y estranghero na hindi pa nakaririnig ng tungkol sa apat na mangangabayong ito, buweno, inyong... Kita n'yo, minsan ay nagbabalik-tanaw ka at nagbabanggit ka ng isang bagay, at pag nagkaganun, umaasa kang mauunawaan ito ng mga tao. Kaya kung may munting bagay na hindi n'yo maintindihan, buweno, magtiis lang kayo ng kaunti o kaya'y kunin n'yo ang tape at pakinggan n'yo, at nakatitiyak akong makakakuha kayo ng pagpapala mula rito. Ako ay napagpala; at umaasa akong gayon din kayo.

18 Ngayon, handa na ang bawat isa, mula sa ika-9 na talata hanggang ika11, o kasama ang ika-11. At nang buksan niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong sumakanila: At sila'y sumigaw ng tinig na malakas, na nagsasabi, Hanggang kailan, Oh Panginoong banal at totoo, hindi mo hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa? At binigyan ang bawat isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa ng kaunting panahon, hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin at ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin namang gaya nila.

19 Ngayon, ito'y isang mahiwagang... At ngayon, para sa mga tape, sa mga ministro at mga guro na naririto, kung may iba kayong pananaw kaysa rito, mayroon din ako dati. Ngunit hinahango ko lang ito sa inspirasyon na lubos na bumago sa aking pananaw tungkol dito. Kita n'yo?

At natuklasan ko, habang nakikita mong nahahayag ang mga ito, binabalikan nito at pinaglalakip ang mga kapanahunan ng iglesia at ang mga Kasulatan, pinagdurugtong ito. Kita n'yo? At iyan ang dahila kaya naniniwala akong galing ito sa Diyos.

20 Ngayon, napagtatanto natin iyan, at iniisip ko minsan ay dumedepende tayo sa mga sinabi ng isang dakilang guro tungkol dito (Kita n'yo?), at ayos lang naman iyon. Hindi ko kinukundena ang guro, hindi sa anumang paraan. At hindi ko kinukundena ang sinuman; ang kasalanan lang ang kinukundena ko, ang di-pananampalataya, at hindi ang sinuman. At may mga taong nagsabi, "Kinukundena mo ang organisasyon." Hindi, hindi po. Kinukundena ko ang sistema ng organisasyon, hindi ang mga taong naroroon, ang grupo ng mga taong bumubuo sa organisasyon, alam n'yo na; kundi ang sistemang nagpapalakad sa kanila, iyon ang kinukundena ko, maging Catolico o Protestante man.

21 Naku, mayroon akong... Ilan sa mga matatalik kong kaibigan ay mga Catolico, sadyang daigdig...?... Naiisip n'yo ba... At marahil ay narito ngayong gabi ang lalaking iyon, ang naging daan para maitayo natin ang tabernakulong ito, sapagkat may isang Romano Catolico nanindigan sa korte at nagpunta sa

harapan para sa akin, naku, na walang ibang makagagawa. Tama, at hindi nila iyon nagawang tanggihan. Tama. Ang sabi nila kailangan daw nilang—masyado raw maraming tao sa wari nila. Aniya, "Oh, hindi iyon magdaragdag ng otsenta pa sa simbahang iyon," parang ganoon. "Nakatayo na doon ang simbahang iyon," sabi niya. "Kilala ko ang pastor," (at lahat ng iba pang tulad niyon) at aniya pa, "dati nang nakatayo ang simbahang iyon doon." Aniya, "Lahat kayo'y maaaring magdagdag sa ganang inyo, bakit hindi sila?" Isang Romano Catolico, matalik kong kaibigan. Kita n'yo? Opo.

22 Isang lalaking Catolico, isang matalik kong kaibigan, ang nakipagusap sa akin. May hardware store siya bago ako umalis. Sabi niya, "Billy, alam kong hindi ka naniniwala sa sistema ng aming relihiyon"; sabi niya, "ngunit sinasabi ko sa'yo ngayon," aniya, "lubos na pinarangalan ng Diyos ang mga panalangin mo para sa amin. Naniniwala akong kapag nagkaproblema ka saan mang panig ng bansa," aniya, "bawat Catolico sa bansa ay dadamay sa'yo." Kaya kita n'yo, ang... Sabi niya, "Bawat 'crossback,'" iyon ang tawag niya. Sasabihin ko 'yon kung papaano niya sinabi.

23 'Siyempre inaangkin nilang sila 'yon dahil ang mga unang Cristiano ay nagpasan ng mga krus. Alam natin iyan sa kasaysayan. At inaangkin

nilang sila ang unang mga Cristiano, at sila nga talaga, ngunit iniligaw sila ng sistema sa landas na iyon (Kita n'yo?), at ang mga taong iyon, maging Catolico, o Judio, o anuman, mga tao rin silang galing sa iisang punong pinanggalingan natin. Kita n'yo? Tama. Mga tao silang umiibig, at kumakain, umiinom, at natutulog tulad ng iba. At kaya nga hindi tayo dapat nangungundena ng sinumang indibiduwal, hindi, kahit sino man. Kita n'yo? Ngunit...

24 Hindi tayo dapat nangungundena ng mga indibiduwal, ngunit bilang isang ministro, kailan kong tirahin ang serpenteng tumutuklaw sa mga taong iyon. Nakita n'yo? At ayokong... Mayroong... Ni hindi ko... Kung ako lang, hindi ko gagawin iyan kung hindi sa atas na galing sa Diyos na katungkulan kong tuparin (Kita n'yo?), at kailangang panghawakan ko iyon nang tunay at buong katapatan. Ngunit kung ang isang Catolico, Judio, o anuman siya, ay pumarito... Kung siya ma'y isang Mohammedan, Griyego, o orthodox, o anuman siya, kung pumarito siya para maipanalangin, mananalangin ako para sa kaniya nang kasing-sinsero ng gagawin ko sa mga nasasakupan ko. Tama. Tiyak nga, dahil siya'y tao. Nanalangin na ako para sa mga Buddhist, sa mga Sikh, sa mga Jain, sa mga Mohamedan, at sa lahat ng uri (Nakita n'yo?), na tulad niyon. At hindi ko na sila tinatanong pa; ipinapanalangin ko na lang sila dahil sila'y mga tao rin, na gustong gumaling, at nagsisikap akong mapagaan nang kaunti ang buhay nila sa paglalakbay.

25 Ngayon, nauunawaan natin na dito... At marami sa inyo rito, alam kong mayroon ditong dalawa o tatlong tunay na iskolar, at sila'y matatalino, nakabasa na mula sa mga katuruan ng ibang tao tungkol sa paksang ito. At gusto kong malaman ng mga kapatirang ito na hindi ko kinukundena ang mga taong iyon. Ipinapahayag ko lang kung ano ang ipinakikita ng Diyos sa akin; iyon lang ang masasabi ko. Ngayon, ayaw nating isipin na dahil isang labandera lang o isang abang magsasakang naroon sa labas ay hindi na sila makatatanggap ng kapahayagan mula sa Diyos, dahil (Nakita n'yo?) ang Diyos ito, sa katunayan ay ipinahahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa kasimplihan. Iya'y... Tinalakay natin iyon nung Linggo upang umpisahan nating ang tungkol sa—kung paanong ipinahahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang kasimplihan. Iyon ang nagpapadakila sa Kaniya.

26 Ngayon, hayaan—hayaan n'yong... Hayaan n'yong balikan ko 'yan sandali. Ang nagpapadakila sa Diyos ay ang kakayahan Niyang magpakasimple. Iyon ang nagpapadakila sa Kaniya. Ang Diyos ay dakila, at

kaya Niyang ikubli ang Kaniyang Sarili sa ganun kasimpleng anyo, na hindi Siya makita ng mga pantas sa sanlibutang ito. Sadyang di nila Siya makita, dahil pinasisimple Niya ng husto ang Kaniyang Sarili. Ngayon, masdan n'yo. At ito mismo ang hiwaga ng kapahayagan ni Jesus Cristo. Kita n'yo? Ito mismo na ang isang—isang... Wala nang dadakila pa sa Diyos, gayunma'y hindi mo mapapasimple ang anumang bagay tulad ng pagpapasimple Niya sa Kaniyang Sarili. Kita n'yo, iyon ang nagpapadakila sa Kaniya.

27 Ngayon, ang isang dakilang tao, ang kaya niya lang ay ang magpapakumbaba nang kaunti at marahil ay yuyuko siya at magsasabi ng, "Kumusta ka na?" (Kita n'yo?), o anumang gaya niyan, ngunit hindi niya mapaliit ang sarili niya. May kung ano sa kaniya. Siya'y isang tao. Sadyang hindi niya mapaliit ang kaniyang sarili, dahil kapag nagpakaliit siya nang husto, kamukat-mukat mo, kailangan na niyang bumanggit ng ginawa ng iba, at ganun, at pagkatapos ay itataas na naman niya ang kaniyang sarili. Nakita n'yo? Ngunit ang daan pataas ay pababa sa Diyos. Siyanga.

28 Sinisikap ng matatalino sa sanlibutan na makita Siya sa kanilang karunungan. Lalo lang silang napapalayo sa Kaniya dahil dito. Kita n'yo? Ang mga matatalino sa sanlibutan... Kung sinisikap n'yong ipaliwanag ang isang bagay sa pamamagitan ng kung anong matematika o anuman, tandaan n'yo, inilagay pa nga Niya sa Biblia sa Apo... O sa... Hindi, ipagpaumanhin ninyo. Sa Isaias 35, wari ko, na napakasimple nito na ito'y kayang maunawaan maging ng isang delingkuwenteng tao (Kita n'yo?), o maging ang isang mangmang ay hindi magkakamali rito. Malayong-malayo ang pagkakaunawa dito ng mga pantas dahil sa kanilang karunungan, lalo silang napapalayo sa Kaniya sa pagpipilit nilang makita Siya sa

pamamagitan ng karunungan. Ngayon, huwag n'yong kalilimutan iyan. Mailalagay iyan sa tape. Kita n'yo? Napapalayo nang husto ang mga pantas sa kanilang karunungan sa pagpipilit na makita Siya sa pamamagitan ng kanilang karunungan, hindi nila Siya nakikita. Kita n'yo? Kung kaya nilang magpakadakila nang sapat upang makapagpasimple nang sapat, maaari nila Siyang makita. Kung sapat ang kadakilaan mo upang magawa mong magpakasimple nang sapat... Kita n'yo?

29 Iyang... At alam ninyong iyan talaga ang katotohanan. Nakapunta na ako sa mga tao sa kanilang mga opisina at iba pa na talagang malalaking tao, mga dakilang hari (Kita n'yo?), at mga pinuno, mga maharlika; at karaniwa'y mga dakilang tao sila. At nakapunta na ako sa mga lugar kung saa'y may isang lalaking nakapagbihis lang, marahil ay isang ministrong gustong makipagtalo sa akin sandali, at wari mo'y hindi tatakbo ang mundo nang wala siya (Kita n'yo?), at sadyang palalo. Kita n'yo? Ngunit ang isang dakilang

tao, ay nauupo at pag-iisipin ka niya na ikaw ang dakila. Kita n'yo, kita n'yo? Kaya niyang ibaba ang kaniyang sarili

30 At nakita n'yo, napakadakila ng Diyos na kaya Niyang magpakumbaba sa dakong di kayang maabot ng tao. Kita n'yo? Ganu'n lang. At sa kanilang... At sinisikap nilang hanapin Siya... Ngayon, tignan n'yo, sinisikap nilang hanapin Siya sa pamamagitan ng pagpapaaral sa mga kalalakihan upang makakuha ng bachelor of art at degree. At—at sinisikap nilang hanapin ito sa pamamagitan ng terminolohiyang teolohikal ng Biblia, at sinisikap nilang hanapin Siya sa pamamagitan ng mga programang pangedukasyon, at mga programang pang-organisasyon, at sa pagpapaganda ng mga bagay-bagay. At sinisikap nilang makita... Wala Siya sa lahat ng iyon. Sumusuntok lang kayo sa hangin; ganu'n lang. Napapalayo kayo dito.

31 Kung magagawa nilang magpakadakila nang sapat para magpakasimple nang sapat, makikita nila Siya sa direksyong iyon sa pagiging simple. Ngunit habang sa karunungan ang direksyon mo, mapapalayo ka sa Kaniya. (Ngayon, hayaan n'yong talakayin ko iyan para huwag na di n'yo makita.) Habang sinisikap mong hanapin ang Diyos sa pamamagitan ng karunungan, tulad sa halamanan ng Eden, tulad nung mga araw ni Moises, tulad nung mga araw ni Noe, tulad nung mga araw ni Cristo, sa mga araw ni Juan, sa mga araw ng mga apostol, at sa araw na ito, kapag pinilit mo itong maintindihan, at hanapin ang Diyos sa pamamagitan ng karunungan, lalo ka lang napapalayo sa Kaniya sa tuwina. Pinipilit mo itong unawain. Hindi mo ito magagawa. Tanggapin mo na lang. Kita n'yo? Panampalatayanan mo na lang. Huwag mong piliting unawain.

32 Hindi ko maintindihan kung bakit—buweno, ang maraming bagay... Hindi maraming bagay ang naiintindihan ko o marami ang hindi ko maintindihan. Hindi ko maintindihan kung paanong ang binatilyong ito na nakaupo rito ay kumakain ng kaparehong pagkaing kinakain ko at narito siya, napakalago ng kaniyang buhok, at ako nama'y wala. Hindi ko ito maintindihan. Sinasabi nila sa akin na calcium ang may gawa nito, at hindi ko mapanatiling maiksi ang aking mga kuko samantalang wala na akong mapagupitang buhok. Hindi ko iyon maintindihan.

33 Tulad ng kasabihan na (marahil ay medyo maiba nito ang kaseryosohan, ngunit ito'y seryoso, pero wala pa ako sa Tatak) papaanong ang isang itim na baka ay kumakain ng berdeng damo, pagkatapos ay nagbibigay ng puting gatas, at nakatitimpla ng dilaw na mantikilya. Hindi ko talaga kayang ipaliwanag iyon (Kita n'yo?), dahil kita n'yo, sila'y produkto ng isa't isa at kung paano ito nangyayari... Hindi ko ito kayang ipaliwanag.

Hindi ko kayang ipaliwanag kung paanong tumutubo ang dalawang liryo o dalawang bulaklak na magkauri, at ang isa'y pula at dilaw naman ang isa, at ang isa'y kulay-kape at ang isa nama'y asul. Hindi ko ito maintindihan—iisang araw ang sumisikat sa kanila. Saan nanggagaling ang kulay? Kita n'yo? Hindi ko ito maipaliwanag, ngunit kailangan mo itong tanggapin.

34 Sana may magpaliwanag sa akin na isang dakilang teologo kung paanong nakapananatili ang mundong ito sa orbit. Sana magawa n'yong magpaikot ng bola para sa akin sa ere, at mapaikot n'yo ito nang dalawang beses sa iisang lugar. Hindi n'yo iyon kayang gawin. Samantalang napakasakdal ng bilis ng ikot ng mundong ito na kaya nilang masabi nang eksaktong-eksakto hanggang sa takdang sandali kung kelan magaganap ang eclipse ng araw, dalawampung taon pa mula ngayon. Wala silang relo o orasan o anumang piraso ng makinarya na kasing-sakdal niyan, gayunma'y nakapananatili ito roon. At nakahilig ito; ano kaya kung tumuwid ito sandali? Gagawin mo lang hangal ang sarili mo kung susubukan mo... Kita n'yo?

35 Kaya kita n'yo, huwag n'yong subukang kumuha ng karunungan para makaunawa. Panampalatayanan n'yo na lang kung ano ang sinasabi Niya, at habang nagiging mas simple kayo, doon n'yo masusumpungan. Ngayon, lubos akong nagpapasalamat dahil diyan, nagpapasalamat ako na Siya ay simple, at nagpakasimple. Ngayon, makikita natin sa ika-6 na kabanata at ika9 na talata, magsisimula na ako. At nang buksan niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong... sumakanila:

36 Pansinin, walang nabanggit na ibang hayop o nilalang na buhay sa pag-aanunsiyong ito ng Ikalimang Tatak. Ngayon, tandaan n'yo, mayroon sa Ikaapat na Tatak; mayroon sa Unang Tatak, Ikalawa, Ikatlo, at Ikaapat, ngunit wala rito. Kita n'yo? Ngayon, kung mapapansin n'yo... Basahin nga natin ulit ang isa sa mga Tatak. Balikan natin ang Ikaapat na Tatak (Kita n'yo?), at iya'y sa ika-7 talata. At nang buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, Halika... ...nang buksan niya ang ikatlong tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikatlong nilalang na buhay na nagsasabi, Halika ...nang ikalawang nilalang na buhay, Halika... (At... sinabi ng unang nilalang na buhay,)... Halika.

37 Ngunit pagdating natin sa ikalimang Tatak, wala nang hayop. Ngayon, pansinin n'yo lang. At nang buksan niya ang ikalimang tatak, nakita ko sa ilalim ng dambana... Iyon kaagad (Kita n'yo?), wala nang hayop doon, at ang hayop ay kumakatawan sa kapangyarihan. Alam natin iyan. Kita n'yo? Wala nang nilalang na buhay. Ngayon, isa sa mga nilalang na yaon, nakita natin sa pag-aaral ng kapahayagan ng mga iglesia, na ang isa sa kanila ay isang leon; at mayroon pang isang baka, at mayroon pang isang tao; at yung isa pa ay isang agila. Nakita natin sa mga kapanahunan ng iglesia na ang apat na hayop 'yon, na ang ibig sabihin ay apat na kapangyarihan, ay nakapalibot sa Mga Gawa ng Mga Apostol katulad ng Tabernakulo sa ilang, at...

38 Nauunawaan n'yo, dahil hindi ako gugugol ng panahon para ito'y talakayin ngayon. Iginuhit natin 'yon dito at ganap na ipinakita. Binabantayan nila ito, ang Cordero at ang Salita sa pagtupad ng Salita tulad ng ginawa nila sa kaban ng tipan sa banal na dako sa ilang, at iba pa. Ngayon, ipinakita rin natin ang kanilang posisyon sa pamamagitan ng mga kulay ng tribo ng Israel at sa pamamagitan ng... Ilan na ba ang nakarinig ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia? Wari ko'y karamihan sa inyo: dalawang ikatlong bahagi n'yo. Pansinin n'yo na maging ang kalikasan ng hayop ay eksaktong watawat ng isang tribo, ang pagkakaayos ng apat... ang labindalawang tribo, may apat sa bawat gilid o—o tatlong tribo sa bawat gilid. At nakapuwesto ang apat na hayop na ito at nagbabantay sa mga tribong ito mula sa apat na direksyon.

39 At nang kunin natin ang mga Ebanghelyo at ipinakita natin na tamangtama sa pagpasok mo sa arka, binabantayan ng mga ito ang tipan; at nalaman natin na ang tipan ng bagong iglesia, ang kumakatawan dito sa lupa ay ang Espiritu Santo. Isinugo ng Dugo ang Espiritu Santo pabalik sa atin, at ang apat na hayop ay kumatawan bilag—habang binabantayan nito ang labindalawang lipi, at nasumpungan natin ang kanilang mga kalikasan at kinuha natin ang kalikasang iyon at dinala natin sa apat na Ebanghelyo, eksakto, parehongpareho. Ang isa'y nakipag-usap sa leon, ang isa nama'y sa baka, at ang isa pa'y—ang apat na Ebanghelyo. Hayan na nga. Ang apat na Ebanghelyo ang proteksyon ng Espiritu Santo. Amen.

40 Sadyang lagi kong pinag-iisipan... Hindi na ito naalis sa akin, may mga anim na taon na, sa wari ko, mula ng marinig kong sinabi ng isang kilalang tao na ang Mga Gawa ng mga Apostol ay balangkas lamang.

Maraming beses ko na ito narinig, ngunit ang maringgan ang isang lalaking may katayuan bilang isang mangangaral at isang guro, na sumulat ng ilan sa mga tanyag na mga aklat na binabasa ng mga tao sa lahat ng dako; at para sabihin niya na ang mga Gawa ng mga Apostol ay hindi naman talaga angkop para sa pagtuturo sa iglesia, gayong ang Mga Gawa ng mga Apostol ang pinaka-pundasyon nito, hindi balangkas, kundi pundasyon. Dahil sinasabi ng Biblia na ang -ang pundasyon ng Diyos ay naitatag sa aral ng mga apostol. Tama. Si Cristo ang Ulo—ang Batong panulok. At nang tumayo roon ang taong ito at magsabi ng gayon, a—ako'y sadyang... Nanlumo ang aking puso. At naisip ko, "Hindi nakapagtatakang..." Buweno, nakikita ko na ngayon, sa mga Tatak. Hindi pa lang ito nahayag noon; iyon lang. Kita n'yo?

41 Kaya nakatayo sila roon. Ngunit may ipinahihiwatig iyon. Ngayon, pansinin n'yo, nagbabantay sila. Ngayon, nang kunin natin ang Mateo 28:19 at sinuyod natin ang buong Mateo (na kumakatawan sa leon) at pagdating natin doon, ganap nating nakita kung bakit nagbautismo sila sa Pangalan ni Jesus Cristo. At hayun Siya, nakatayo roon taglay ang Kasulatang iyon para bantayan ang sagradong habilin ng bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. (Buweno, napapalayo na ako sa mga kapanahunan ng iglesia. Kita n'yo?)

42 Pansinin n'yo, pagdating natin sa Ikalimang Tatak na ito, walang— walang mangangabayong humayo, at walang hayop na nag-anunsyo nito. Si Juan ay... Kaniyang... Binuksan ito ng Cordero, at nakita ito ni Juan. Walang sinumang naroroon para magsabing, "Ngayon, halika, masdan mo; halika, tignan mo." Pansinin n'yo, walang kapangyarihan ng nilalang na buhay. O anumang... At sa Ikaanim na Tatak ay wala ring hayop para mag-aanunsyo nito. At ganun din sa Ikapitong Tatak, walang hayop para mag-anunsyo nito, walang mga kapangyarihan para mag-anunsyo nito (Kita n'yo?); walang sinumang gagawa nito. Doon sa... Tignan n'yo, pagkatapos ng Ikaapat na Tatak, wala nang anumang pag-aanunsyo sa pamamagitan ng alinmang kapangyarihan ng hayop mula sa Ikalima, Ikaanim, o Ikapitong Tatak, walang isa man.

43 Ngayon, pansinin n'yo. Gustong gusto ko ito. Tulad sa mga panahon ng nakasakay sa apat na kabayo, ang mangangabayo, iisa, ng apat na magkakaibang kabayo, may hayop na nag-aanunsyo ng kapangyarihan. Sa bawat pagkakataong sumakay sa panibagong kabayo ang mangangabayo at hahayo,

may ibang hayop na lumalabas at nag-aanunsyo nito. Iyan ay isang

dakilang hiwaga. Kita n'yo? Iyan ang hiwaga... Bakit? Inaanunsyo ang hiwaga. Bakit walang hayop dito sa Ikalimang Tatak para mag-anunsyo? Heto na. Ayon sa kapahayagan na ibinigay ng Panginoong Jesus sa akin ngayong araw (Kita n'yo?), o kaninang umaga, maagang-maaga; iyon ay dahil sa ang hiwaga ng mga kapanahunan ng iglesia ay tapos na sa panahong ito. Ang hiwaga ng anticristo ay nahayag na sa panahong ito. Ginawa na ng anticristo ang kaniyang huling pangagabayo, at nakita natin siya na nakasakay sa maputlang kabayo na pinaghalong iba't ibang kulay niya, at humayo siya hanggang sa kapahamakan. (Tatalakayin natin ito sa mga trumpeta at iba pa kapag itinuro na natin iyan. Kung tatalakayin ko 'yon ngayon, mawawala na naman tayo sa paksa.)

44 At tayo'y—tutungo tayo... Sumakay siya... Iyan ang dahilan kaya wala na roon. Ngayon, alam nating naisulat ito dahil may mga kadahilanan. Ngayon, natatandaan ninyo noong pasimula, sinabi ko, "Hindi maaaring mawalan ng dahilan ang anumang bagay." Naaalala n'yo ang munting patak ng tinta? Kita n'yo? Ngayon, kailangan n'yong malaman ang dahilan. May dahilan kung bakit hindi na nila kinangailangan ng isang hayop o isang kapangyarihan para ianunsyo ang pagbubukas ng Tatak na ito, at ang Diyos lamang ang makapagpapahayag kung bakit (Iyon lang.), dahil lahat ito'y hawak Niya.

45 Ngunit ang dahilan kaya Niya inihahayag, na ako'y—ayon sa aking pagkaunawa, ay dahil sa ang hiwaga ng Aklat ng Katubusan, kung ang paguusapan ay ang pagkahayag ng anticristo... At sa panahon ding iyon ay wala na ang Iglesia, at ni hindi magaganap ang mga bagay na ito sa kapanahunan ng iglesia. Tama. Malayo ang mga iyon sa kapanahunan ng iglesia. Ganap nang naagaw ang Iglesia sa panahong ito. Umakyat ang Iglesia sa ika-4 na kabanata ng Apokalipsis, at hindi na muling babalik hanggang sa ito'y magbalik kasama ng kaniyang Hari sa ika-19 na kabanata. Ngunit ang mga Tatak na ito ay nagpapahayag ng kung ano ang naganap, ang nagaganap, at ang magaganap. Kita n'yo? At ngayon, ang magaganap sa kapanahunan ng iglesia ay inihayag ng mga Tatak na ito, at ngayon, masdan n'yo kung anong kukuha nito.

46 Ang—ang apat na yugto ng kaniyang mangangabayo ay nahayag na. Ang apat na yugto ng pagsakay ng anticristo ay nahayag na sa panahong ito; samakatuwid, hindi na nila iyon kailangan. At nagkarooon ng apat na nilalang na buhay mula sa Diyos para ianunsyo ang mangangabayo sa kanilang paghayo. Ang apat na hayop ay apat na mga kapangyarihan.

Ngayon, alam nating ang "hayop," sa interpretasyon ng mga termino sa mga simbulo ng Biblia, ay nangangahulugan ng "kapangyarihan." Ngayon, talakayin pa natin 'yan nang husto. Ang apat na hayop sa Biblia ay kumakatawan sa kapangyarihan na nasa kalagitnaan ng mga tao. Ngayon, nakita natin... Tulad sa Aklat ni Daniel nang makita niya ang paglitaw ng isang bansa, marahil ito'y isang oso na may hawak na isang tadyang sa kaniyang tagiliran: simbulo. At nakakita siya ng iba pang kapangyarihang lumitaw, isang kambing; kumakatawan ito sa isang bagay. At nakakita siya ng iba pang kapangyarihang lumitaw, at ito'y isang leopardo na maraming ulo; kumatawan ito sa isang Kaharian. At nakakita siya ng isa pang kapangyarihan na lumitaw—isang malaking leon na may mga ngipin at—niyurakan ang nalalabi; kumatawan iyon sa iba namang kapangyarihan. Ang isa ay Kaharian ni Nabucodonossor, at ibang uri ng panaginip. Nakakita si Daniel ng isang pangitain. Nanaginip naman si Nabucodonossor, ngunit ipinaliwanag ni Daniel ang kaniyang panaginip, at tugmang-tugma ito sa pangitain. Amen. Whew.

47 Oh, kung alam n'yo lang kung ano'ng nangyari. Ano'ng nangyari bago kami umalis dito? Nauunawaan n'yo ba? Aba'y, anim na sunod-sunod na panaginip ang dumating na tugmang-tugma sa pangitain. Amen. Kita n'yo? Ang isang panaginip na naipaliwanag ay isang pangitain, dahil ang isang tao na marahil ay hindi ipinanganak na ang subconscious ay nananatiling—gising siya habang nakikita niya 'yon, at biglang pupunta ang Diyos sa kaniyang subconscious at mangungusap sa kaniya—at ipinangako Niyang dadalawin Niya ang mga tao sa mga panaginip sa huling mga araw at ganun din sa mga panagitain. Kita n'yo? Ngayon, ang isang pangitain ay nagaganap kapag ika'y gising na gising (nakatayo kang tulad nito),at may mga bagay nahahayag, at nakatayo ka't sinasabi mo sa kanila ang tungkol dito—nakikita mo kung ano'ng nangyari at kung ano ang magaganap at iba pa. Ngunit ngayon, ang panaginip ay nagaganap kapag ika'y tulog, at hindi gumagana ang iyong limang pandama, at ika'y nasa iyong subconscious. Nasa isang dako ka, dahil pagbalik mo, natatandaan mo kung saan ka nanggaling, natatandaan mo 'yon buong buhay mo. Kita n'yo, ang subconscious mo iyon. At ito'y nasa kaayusan. Kita n'yo?

48 Gaya ng laging sinasabi dati ni Congressman Upshaw, "Hindi ka maaaring maging isang bagay na hindi ikaw," at tama nga iyon. Kita n'yo? At kung ipinanganak kang isang tagakita (seer), ngayon (Nauunawaan n'yo ba?), para magawa mo iyon kailangang magkasama kapuwa ang dalawang kamalayang iyon—hindi kapag ang isa nito ay gumagana ang limang

pandama, at ang isa naman ay narito na ika'y tulog at hindi gumagana ang limang pandama. Ngunit kita n'yo, kapag ipinanganak ka na ang dalawang iyon ay magkadikit, hindi ka natutulog. Lumilipat ka lang mula sa isa patungo dun sa isa nang ganiyan—hindi ka natutulog. Walang puwang para matulog ka, at

hindi mo maaaring gawing ganun ang sarili mo. Kaya ang mga kaloob at mga pagtawag ay itinalaga ng Diyos. Ang mga iyon ay mga kaloob at pagtawag ng Diyos, ni hindi nagbabago, ang sabi ng Biblia. Kita n'yo? Itinalaga ang mga iyon bago pa itatag ang sanlibutan. Kita n'yo?

49 Ngayon, ngayon, nalaman natin na ang hayop sa Daniel ay nangangahulugang may isang kapangyarihang papalitaw sa kalagitnaan ng mga tao. O sa mga pangitain dito ni Juan ipinapakita rin nito na may mga kapangyarihan—mga bansang papalitaw. Tulad ng ang America lumitaw sa Apokalipsis 13 bilang isang cordero. At, kung gusto n'yong malaman ang ibang... Sasabihin mo, "Buweno, tumutukoy iyan sa pambansang kapangyarihan." Kumakatawan din ito sa banal na kapangyarihan: isang hayop. Alam n'yo ba iyon? Pansinin n'yo, si Rebekah, nang puntahan siya ng lingkod ni Abraham, na si Eliezer, isinakay niya siya sa isang kamelyo, ang kamelyo mismong pinainom niya. At sinakyan niya ang kamelyong ito upang salubungin ang kaniyang hindi pa nakikitang nobyo. Ang bagay na iyon mismo na kaniyang pinainom ang siyang nagdala sa kaniya sa magiging tahanan at asawa niya.

50 At ganun din ngayon. Kita n'yo? Ang mismong bagay na dinidiligan ng Iglesia, ang Binhi, ang Binhi ng Salita; ito mismo ang Salitang mabubuhay at magdadala sa atin sa ating hindi nakikitang Nobyo. Kita n'yo? Ang... Kita n'yo? At tignan n'yo kung gaano kasakdal. Umalis si Isaac sa kaniyang tahanan at siya'y nasa kaparangan malayo sa kaniyang tahanan nang makita siya ni Rebekah; at sasalubungin ng Iglesia si Cristo sa himpapawid, at dadalhin Niya Siya pabalik sa tahanan—sa tahanan ng Ama kung saan nakahanda ang mga mansiyon. Kinuha ni Isaac si Rebekah sa gayon ding paraan. At pansinin n'yo, napaibig siya sa unang pagkikita pa lamang. Oo. Ay, naku, patakbo siyang sumalubong sa kaniya! At sa gayong paraan sasalubungin ng Iglesia si Cristo sa himpapawid at makakasama Niya magpakailanman.

51 Ngayon, mga termino ng Biblia. Ang mga hayop na ito ay kapangyarihan. Pansinin n'yo. Gusto kong... Ngayon, gusto kong pansinin n'yo na pinahayo ng diablo ang kaniyang apat na hayop na nagpapalit ng

kulay. Nagkaroon siya ng apat na hayop; tatlo sa mga iyon ang pinagsama sa isang kulay at naging isa iyong kabayong maputla—ang kabayong puti , kabayong pula, at kabayong itim. At nakita natin na bawat isa sa mga yaon ay isang yugto ng kaniyang ministeryo—isang yugto ng unang iglesia na nabuo tungo sa isang denominasyon sa Nicaea—ang orihinal na iglesiang Pentecostal na nabuhusan ng Espiritu Santo, sa paglaon, ay tumanggap ng espiritu ng anticristo, bumuo ng organisasyon, nagluwal ng ilang mga anak na babae ng organisasyon, tatlong ulit na nagpalit ng kaniyang kapangyarihan, at pinagsama ang mga iyon sa isa, na naging kabayong maputla, at pinangalanang Kamatayan, at sinakyan niya papasok sa eternidad. Sadyang napakalinaw nito. Oh.

52 Ngayon, pansinin n'yo, ibinigay sa kaniya ang kabayong ito, at kaniyang sinasakyan. Ang Diyos din sa bawat pagkakataon... Ngayon, masdan n'yo. Nang unang lumitaw ang anticristo, sa ano siya nakita? Sa kabayong puti (Kita n'yo?), aba'y, napakainosente niya, isa lamang katuruan sa iglesia. Naghangad sila ng pagsasama-sama. Ang pakikisama n'yo ay kay Cristo; ngunit naghangad sila ng isang pagsasama-sama. Sadyang di nila mapigilan. Gusto nilang makakuha... buweno, alam n'yo na, gaya ng paglitaw ng maliliit na pangkat sa iglesia. A—alam n'yo ito, kayong mga pastor. Kita n'yo? Sila'y... Tulad ng sinasabi nila, "Ang mga ibong magkakabalahibo..." Ngunit kung ipinanganak na muli na tayong magkakapatid, hindi na dapat ganiyan ang inuugali natin. Naiintindihan n'yo? Huwag.

53 Ngayon, tayo'y—tayo'y... Kung may makita tayong mali sa ating mga kapatid, manalangin na lang tayo at lagi nating idulog sa harapan ng Diyos at ibigin n'yo ang taong iyon hanggang sa madala natin siya sa Presensya ng Diyos. Iyan ang paraan, ang talagang tamang paraan. Alam n'yo ang sabi ni Jesus... Magkakaroon diyan ng mga panirang damo, dahil sinabi ni Jesus, ngunit huwag n'yo silang bunutin. Maisasama n'yong mabunot ang trigo. Kita n'yo? Hayaan n'yo lang sila. Siya ang gagawa... Hayaan n'yo Siya ang maghiwalay pagdating ng panahon. Kita n'yo? Hayaan n'yong tumubo sila nang magkasama.

54 Pansinin n'yo, nang lumabas ang hayop, humayo ang anticristo na nakasakay sa isang hayop, sa kaniyang kapangyarihan. Oh, gustung-gusto ko ito. Nagsisimula na akong masiyahan ng husto (Kita n'yo?), marahil dahil sa estimulasyon. Pansinin, nang ang anticristo... Oh, kita n'yo... Ang mga kapahayagang iyon sa presensya ng bolang Apoy na nakabitin doon sa loob ng silid, hanggang... Oh, kapatid. Kahit pa nga nakikita ko na Iyon mula pa nung

bata ako, ito'y... tuwing lalapit Iyon sa akin, nangangamba ako. Halos nawawalan ako nang malay. Hindi mo Iyon makakasanayan kailan man. Hindi: Napakasagrado Niyon.

55 Pansinin n'yo, sa paghayo ng anticristo na nakasakay sa hayop na ministeryo niya, nagsusugo din ang Diyos ng isang hayop para labanan ito. Kita n'yo? Ngayon, masdan n'yo. At sa tuwing sasakay ang hayop sa kaniyang kabayo (sumasakay ang anticristo sa kaniyang kabayo, sa kaniyang hayop) upang ianunsyo ang kaniyang ministeryo, nagsusugo rin ang Diyos ng Kaniyang hayop, sa kaniyang sariling maskara upang ianunsyo ang Kaniyang paglaban dito. Ngayon, sinasabi ng Kasulatan, "Kapag dumarating ang kaaway na tulad ng isang baha, nagpapalitaw ang Espiritu ng Diyos ng isang pamantayan laban dito." At kaya nga nang humayo ang kaaway bilang anticristo, nagsugo ang Diyos ng isang uri ng

kapangyarihan upang sumalubong sa kaniya. At nang humayo siya muli bilang isang nakakabayong pula—panibagong kulay, panibagong kapangyarihan, panibagong ministeryo—nagsugo ang Diyos ng iba kasunod niya para lumaban dito, upang umalalay sa Kaniyang Iglesia. Nang isugo niya ang ikatlo, muling nagsugo ang Diyos ng Kaniyang ikatlong hayop upang lumapit at mag-anunsyo nito. Isinugo niya ang pang-apat. Isinugo rin ng Diyos ang Kaniyang pang-apat, at pagkatapos ay nagwakas na ang anticristo, at natapos na rin ang mga kapanahunan ng iglesia sa pagkakataong iyon. Masdan n'yo. Ngayon, oh, ako'y... Talagang napakainam nito.

56 Ngayon, nakita nating nagpalit ang diablo ng apat—ang apat na hayop ay nangangahulugan ng sa kung anong kapangyarihan sila nahayag sa—kung anong kapangyarihan ang inihayag niya sa mundo at kung paanong humantong ang mga ito sa maputlang kabayo ng kamatayan. Ngayon, tignan natin ang mga kapangyarihan Diyos na taglay ng mga hayop na ito upang lumaban sa kanila. Ang unang hayop ng Diyos na lumabas para kumatagpo sa anticristo, nang ang espiritu ng anticristo ay masabing katuruan pa lamang niya. Ngayon, tandaan n'yo, nang unang sumakay ang anticristo, nasa ministeryo siya ng pagtuturo. Sumakay muna ang anticristo sa ministeryo ng pagtuturo.

57 At masdan n'yo ang lumabas para humarap sa kaniya, ang Leon, ang Leon ng lipi ni Juda, na walang iba kundi ang Salita. Nang lumabas ang kaniyang maling katuruan, lumabas ang tunay na Salita upang humarap sa kaniya. Iyan ang dahilang kaya nagkaroon tayo ng Irenaeus, at Polycarp, at ng mga lalaking yaon, ng Saint Martin. Nang ang anticristo ay nangangabayo

taglay ang kaniyang maling katuruan, isinugo ng Diyos ang Kaniyang katuruan, ang Salita, ang Leon ng lipi ni Juda, na walang iba kundi ang Salitang nahayag sa Espiritu Santo. At naroon ang Espiritu Santo upang ihayag ang Kaniyang Sarili na walang iba kundi ang Salita... Iyan ang dahilan kaya ang iglesia noon ay may mga pagpapagaling at mga himala at mga pangitain at kapangyarihan, dahil iyon ay ang buhay na Salita na nasa anyo ng Leon ng lipi ni Juda na humayo upang kumalaban do'n. Amen. Ngayon, nakuha n'yo? Isinusugo ng anticristo ang kaniya kapangyarihan; isinusugo naman ng Diyos ang sa Kaniya, ang Salita. Ang anticristo, maling katuruan: sinabayan ito ng paglabas ng totoong katuruan upang lumaban do'n. Ngayon, iyon ang una. Ngayon, ito namn ang unang iglesiang apostoliko, na humayo upang humarap sa kaniya.

58 Ngayon, ang ikalawang hayop na isinugo ng anticristo ay isang pulang hayop, na sinakyan niya upang mag-alis ng kapayapaan sa lupa at—at makipagdigma. Ngayon, ang ikalawang hayop na lumabas para labanan siya ay isang baka. Ang baka ay nangangahulugan ng pagpapagal, isang hayop na tagapasan. At ngayon, kung makatitigil lang tayo sandali. Hayaan n'yong— hayaan... Para lang makatiyak na mauunawaan n'yo ito. Iya'y tipong maaaring medyo makalito sa inyo. Ngunit kunin natin dito ang Tiatira. Masdan n'yo at tignan kung hindi ito isang nagpapagal na iglesia. Nakita n'yo? At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Diyos, na ang kaniyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli; Nalalaman ko ang iyong mga gawa (Kita n'yo? Nagiging puro paggawa na ito ngayon, mangyari kasi iyon ang humahayong kasama nila) at ang iyong pag-ibig, at ministeryo (Kita n'yo? Puro lang...) at pananampalataya, at... pagtitiis, at mga gawa;... (muli, dalawang beses—ang iyong mga gawa) at ang huling mga gawa ay higit sa mga una.

59 Kita n'yo, nagpapakita iyan na ang Kapanahunan ng Tiatira, matapos na mapanatag ang anticristo at pumasok sa Kapanahunan ng Tiatira, walang magawa ang munting iglesia kundi ang magpagal. At isa pa, ang baka ay isa ring hayop na pang-alay. Kita n'yo, ibinibigay nila nang buong laya ang kanilang mga buhay.

Sa Panahon ng Karimlan, isang libong taon, kinontrol ng Catolisismo ang mundo, at basta't nagsisipasok na lang sila, “oo” o “hindi”. Hindi nila alintana kung mamatay man sila. Kung mamatay man, ayos lang. Humayo pa rin sila't nangamatay. Bakit? Ang Espiritu mismo ng kapanahunan...

60 Iyan ang dahilan na ang mga... Iyan ang dahilan na sina Irenaeus, Polycarp, Juan, Pablo, ang mga dakila't magigiting na lalaking nakipaglaban sa bagay na iyon... Nakita ito ni Pablo. Sabi niya, “Alam kong sa pag-alis ko, papasok ang mga lobo sa kalagitnaan n'yo, mga kapatid, at magtuturo ng mga bagay na liko; ilalayo kayo nito.” Tignan n'yo ang mahigpit na apostol na 'yon, tadtad ng latay ang likuran niya, nagluluha ang mata, ngunit nakakakita siya ng mas malayo kaysa sa kanilang teleskopyo na sabi nila ang tanaw ay abot ng sandaan at dalawampung milyong light years. Abot ang Kaniyang tanaw hanggang sa walang-hanggan. Oo. Hayun siya. At inihula niya iyon at sinabing iyon nga ang mangyayari, at aniya... Nagpatuloy ito hanggang sa isa pang paparating na kapanahunan...

61 Ngayon, pansinin n'yo, hayun siya. At paglisan niya... Si San Juan ang nabuhay nang pinakamatagal. At nang sinisikap ni San Juan na kuning lahat ang sagradong mga sulat na pinahiran ng Espiritu Santo at pagsamasamahin ang mga ito upang makagawa ng Biblia, hinuli siya ng emperyong Romano at inilagay siya sa Isla ng Patmos. Naparoon siya sa Isla ng Patmos dahil sa Salita ng Diyos. Tinutulungan siya ni Polycarp sa pagsasalin nito. Nabasa ko nu'ng isang araw ang liham na isinulat mismo ni Maria kay

Polycarp at pinagalitan—hindi pinagalitan, kundi pinapurihan siya sa pagiging isang magiting na lalaki na nagawang magturo at tumanggap ng aral ni Jesus Cristo na ipinanganak niya mula sa Diyos. Ang sariling liham ni Maria na isinulat niya kay Polycarp... Si Polycarp ay pinakain sa mga leon, alam n'yo. Hindi pala, sinunog siya. Wala nang oras para magpakawala sila ng leon sa arena, kaya iginiba nila ang isang banyo (isang lumang paliguang naroroon) at dinala siya sa—sa arena at—at siya'y sinunog.

62 At sa daan papunta ro'n, nakayuko siyang lumalakad, at sinabi ng Romanong senturion, "Matanda ka na at lubos na ginagalang. Bakit hindi mo itakwil ang bagay na 'yan?" Walang patid and pagtingala niya sa langit, at isang tinig ang nangusap mula sa kung saan. Hindi nila maunawaan kung saan. At ang sabi, "Polycarp, huwag kang matakot; kasama mo Ako."

Bakit? Siya'y nakatayo sa Salitang iyon. At nang simulan na nilang patungan siya ng mga kahoy para sunugin, may makalangit na musikang bumaba, at may mga anghel na nagsipag-awitan. Hindi siya kumurap ni minsan man sa kanila. Ganiyan ang magigiting na lalaki; ganiyan ang mga lalaking kayang manindigan. Ang mga martir sa mga panahong nagdaan ay nagdusa nang matindi. Ngunit ano sila? Sila'y nasa ilalim ng inspirasyon, ng Espiritu ng Diyos, ng kapangyarihan. At huwag n'yo itong kalilimutan, iglesia, at kayong mga kapatiran sa tape, gusto kong suriin n'yo ito: Paanong makagagawa ng anuman ang tao sa labas ng kapangyarihan ng Diyos na isinugo sa kanila?

63 Ilalagay ko ang kahong ito dito upang kumatawan do'n. Kapag nagsugo ang Diyos ng isang Espiritu sa kanilang kalagitnaan, makakikilos lamang sila sa pamamagitan ng Espiritu na gumagawa sa kanilang kalagitnaan. Ngayon, patutunayan natin sa inyo sa pamamagitan ng kasaysayan ng iglesia at ng pagbubukas ng mga Tatak at ng mga kapangyarihan na nagpakawala... At masdan n'yo kung paanong akmang-akmang tumugon ang iglesia sa pahid na iyon, at wala silang ibang maaaring gawin.

64 Ngayon, ang una ay ang leong iyon na umungal, ang dalisay at walang halong Salita. Ang ikalawa sa Tiatira ay ang baka, at iyon ay isang kabigatan, isang hayop na tagapasan (ipagpaumanhin n'yo), at isa rin iyong hayop na pang-alay. At hindi ba't naging gayon nga ang aba at munting iglesiang iyon sa Roma na nasadlak sa sanlibong taon ng panahon ng karimlan? At ang hindi magpahayag na kabilang ng iglesiang Romano ay dagliang ipinapapatay; at kinailangan nilang magpagal, at magpalipat-lipat.

65 Kayong mga Mason, tatawagin ko ang inyong pansin. Naaalala n'yo ba ang tanda ng krus? Ngayon, alam n'yo kung ano ang sinasabi ko. Ngayon, pansinin n'yo. Kung mapapansin n'yo, binitbit nila at pinag-ingat ang Biblia. Kita n'yo? At kailangan nilang magpagal. Hayan, ang baka. At nang dumating ang panahon... Nabasa natin iyon kagabi. Kita n'yo, nang lumabas ang bagay na iyon, at dumating ang alay, at kinailangan nilang umalis, ang sabi Niya, "Huwag n'yong saktan ang alak at langis." Ano'ng ginawa nila? Kusang loob silang lumapit at namatay.

66 Walang anuman 'yon sa kanila dahil ang Espiritu ng iglesia sa panahong iyon ay pagsasakripisyo, pagpapagal. At kusang loob silang nagsilapit, na may pahid ng tunay na Espiritu ng Diyos sa kapanahunang yaon, at namatay bilang mga bayani ng pagsasakripisyo, libo-libo, animnapu't walong milyon sa kanila ang nakatala: baka, sakripisyo.

Ay, naku. Nauunawaan n'yo ba? Sige. Tama. Ngayon, ang pagsasakripisyo, ang tanging magagawa nila upang labanan ang malaking oposisyon ng panahong iyon sa loob ng sanlibong taong 'yon.

67 Ngayon, ang ikatlong hayop na lumabas mula sa diablo ay itong kabayong itim. Kita n'yo? Ngayon, ang ikatlong hayop, ang kapangyarihang lumabas mula sa Diyos para labanan siya, para labanan ang mga kapangyarihan ng kabayong itim, ay isang tao, marunong, matalino, taglay ang karunungan ng Diyos. Alam n'yo, ang tao ay mas matalino kaysa anumang mga hayop. Kita n'yo? Matalino siya dahil kaya niya siyang linlangin, kadalasan. Marunong siya, tuso. Kita n'yo? At siya ang... Ang panahon pagkagaling sa panahon ng karimlan, hanggang sa sa gawing ito kung saan ay tumakbo ang kabayong itim na ito, kung kailan ay naningil sila para sa kanilang mga alay at lahat ng mga bagay na ginagawa nila, at ang salapi ay sadyang... Oh, alam n'yo na kung paano ito.

68 Ngayon, ang sumunod na lumabas para labanan iyan ay isang hayop na may mukha ng isang tao: matalino, aral, matalas ang isip, mahusay, may pahid ng Espiritu ng panahong iyon. Napansin n'yo ba? Ngayon, siya'y humayo upang labanan siya taglay ang katalinuhan ng karunungan ng Diyos. Iyon ang panahon ng Repormasyon: sina Martin Luther, John Wesley, at iba pa. Kita n'yo, iyon ang Repormasyon: sina Zwingli, at sino pa ba, sina Knox, Calvin, at iba pa (Kita n'yo?), ay nagsilabasan. Ito'y katalinuhan.

69 Ngayon, masdan n'yo. Tamang-tama mula sa panahon ng karimlan, mula sa Repormasyon, sa gawing ito, masdan n'yo; iyon ay ang katalinuhan ng tao. (Kung maibababa n'yo ng bahagya ang mga bintana, wari ko'y naiinitan ang mga tao, siguro, kung mamarapatin n'yo na hilahin nang kaunti pababa ang mga bintana, dahil... Alam ko 'to dahil kung ako nga na nakatayo rito at nangagaral ay naiinitan, tiyak na kayo rin diyan.) Ngunit pansinin n'yo, iyon ay ang katalinuhan ng tao. Ngayon, nauunawaan n'yo ba? Ang ikatlong hayop na isinugo ni Satanas ay naging matalino rin. Masdan n'yo, "Isang takal ng trigo sa isang denario, tatlong takal ng sebada sa isang denario." Kita n'yo? Ay, naku. Kita n'yo? Ang pakana para

kumita ng pera, ang katusuhan upang makuha ang ginto ng mundo at kasama na ang kayamanan. Iya'y ganap na matutupad. Iyan ang... Nagsimula silang maningil para sa mga panalangin at upang makarating sa dakong kung tawagin

ay purgatoryo; at idinalangin nila ang kanilang mga ninuno upang makalabas do'n, at, o kinailangan n'yong ipamana ang inyong mga titulo at lahat na, ang inyong ari-arian. Ang iglesia at estado ay naging isa, at kinamkam ng iglesia ang inyong ari-arian.

70 At ang... Hindi n'yo ba nakikita ang ilan sa mga ebanghelistang ito, hanggang ngayo'y taglay nila ang kaparehong pahid na 'yon, hinihingi nila sa mga matatanda ang kanilang pensyon, at ipinasasalin nila ang titulo ng mga bahay nila kapalit ng mga bagay-bagay. Aba, kapatid... Ayokong magsimulang mangusap tungkol diyan. Kita n'yo? Ngunit ngayon... Mananatili ako rito. Nagbabalik-tanaw ako para makita kung saan ako papunta. Ngayon, pansinin n'yo... Ang mga taong iyon, nasa sa kanila na iyon. Nasa sa kanila na iyon. Wala iyong kinalaman sa akin. Dito lang ako responsable.

71 Ngayon, pansinin n'yo, ang hayop na dumating para labanan ito, ay ang tao. At alam nating lahat na ang hayop sa anyo ng tao, ang kapangyarihan ng tao sa kaniyang katalinuhan, ang nakakilala na ang kosher na hawak ni Martin Luther nang siya'y umaakyat sa hagdan... Ang sabi nila, "Dugo ito ni Jesus Cristo. Katawan ito ni Jesus Cristo." At ibinato ito ni Luther at sinabi, "Ito'y tinapay at alak. Hindi ito ang katawan ni Cristo, dahil iniakyat na iyon at pinaupo sa kanang kamay ng Diyos, at namamagitan." Kita n'yo, karunungan (Kita n'yo?), tao.

72 At nang dumating si John Wesley, matapos na dumating sina Zwingli, at Calvin, at dinala niya ang iglesia sa isang dako sa seguridad na anupa't ayaw na nila ng mga revival, "Anuman ang mangyayari ay mangyayari," iyon na lang. At basta't namuhay sila ng kahit ano'ng uri ng buhay. Masyadong napilipit ang Lutheran Church at ang iglesiang Anglican (Ay, naku.) nabulok ang buong bansa tulad ng kasalukuyan. Napilipit ang mga iglesia... Nang dumating si King Henry the VIII sa England, at pagkatapos ni bloody Mary, at lahat ng mga bagay na ito ay maganap... At ang iglesia ay napuno ng karahasan at kabukukan. Mga lalaking nagsasabing mga Cristiano sila at nakikisama sa apat o limang asawa o gumagawa ng anumang maibigan nila at nagpapatuloy sa karumihan. Sa pag-aaral at pagsisiyasat ni John Wesley sa Kasulatan, nahayag sa kaniya na pinababanal ng Dugo ni Jesus Cristo ang mananampalataya, at hindi ka dapat... At ano'ng ginawa niya? Naglabas siya ng panibagong repormasyon. Iniligtas niya ang mundo sa kaniyang panahon tulad ng ginawa ni Luther. Kita n'yo? Ano iyon? Humayo ang taong iyon, kapangyarihan ng hayop.

73 Nagbigay Siya ng karunungan sa mga kalalakihan para maunawaang mali ang bagay na iyon. Hindi iyon Dugo ni Jesus Cristo. Hindi iyon katawan ni Jesus Cristo; kinakatawan niyon ang katawan. Kita n'yo? Iyan pa rin ang malaking pagtatalo sa pagitan ng Catolico at Protestante ngayon. Iyan na lang ang tanging bagay na hindi nila mapagkasunduan ngayon. Nagkakasundo sila sa lahat ng bagay maliban diyan. Ang mga konsehong idinadaos nila... Pansinin n'yo ngayon, hindi nila iyon mapagkasunduan. Kita n'yo? Ang isa ay ang dugo, at sinasabi nilang ito ang literal na dugo, na may kapangyarihan ang pari na baguhin ang tinapay na ito upang maging literal na katawan ni Cristo. Iyan ang munting tabernakulo sa simbahan. Alam n'yo, iyan ang dahilan kaya nag-aantanda sila at gumagawa ng lahat ng uri ng paganong pagaalay habang dumadaan sila, alam n'yo na, at nagsisiyukod sila, at iniaaangat nang bahagya ang kanilang mga sumbrero at lahat na. Hindi iyon para sa gusali; para iyon sa ostiya na naroon sa mga tabernakulo. At...

74 Pansinin n'yo kung paanong sa katusuhan ay nagawa iyon ni Satanas. Ngunit kita n'yo, sa panahong iyon, sa mga kalalakihan (Kita n'yo?) naglagay ang Diyos ng Espiritu ng karunungan sa tao upang mapagtantong mali iyon. Ngayon, iyon ay upang labanan ang ikatlong hayop, na nagpabulok nang husto sa iglesia (na kaniyang sinasakyan) na iyon ay naging kakilakilabot—ang mga reformer. Ano'ng ginawa nila kung ganun sa kapanahunan ng mga reformer? Inilabas nila ang iglesia mula sa mga paganong seremonya ng pagsamba sa diyos-diyosan pabalik sa Diyos. Kita n'yo? Iyon ang ipinanghayo ng hayop, ang katalinuhan ng tao, para harapin ang mangangabayo.

75 Ngunit ngayon, basahin natin ang ikatlong talata, o ang Apokalipsis 3:2 sandali. Ngayon, minarkahan ko ito rito sa isang kadahilanan. Ngayon, kapapasok lang nito ngayon, ng Kapanahunan ng Lutheran at ang kapanahunan ng mga reformer. Apokalipsis 3:2... Ang ginawa nila, sila'y nag-organisa. Nang pasimulan ni Luther ang kaniyang iglesia, inorganisa na nila ito kaagad. Tama, katulad ng ginawa ni Wesley, katulad ng ginawa ng Pentecostes. Eksakto ito; ito'y inorganisa nila. At ano'ng ginawa nila? Dinala nila ang sistema ring iyon na pinanggalingan nila. Kita n'yo? Ngayon, masdan n'yo ang sinasabi ng Apokalipsis na ito sa Iglesia ng Sardis. Patungkol siyempre sa anghel ng iglesia ang unang talata. Kita n'yo? Ngayon, masdan n'yo. Magpuyat ka at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira,... (iyan ay ang Salita na iniaral sa'yo, Kita n'yo?)... mga bagay na natitira na malapit ng

mamatay:... (Noo'y handa na siyang magpasimulang bumalik sa organisasyon katulad ng iglesiang Catoliko na pinanggalingan nila. Kita n'yo?)... sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang

sakdal sa harapan ng aking Diyos.

76 Hayan. Hayan ang—iyon ay bumalik naman. Hindi n'yo ba nakikita kung bakit mali ang mga sistemang makaorganisasyon? Sino'ng nagpasimula nito? Ang Diyos ba? Ang mga apostol ba? Ang Catolicong Romano ang nagpasimula nito. Ngayon, hayaan n'yong magsabi ng iba ang sinumang mananalaysay. Wala iyon. Sinasabi nilang sila ang inang iglesia, at sila nga; ngunit inorganisa nila ito at naglagay ng sistema na ang ulo ay tao. Hindi tayo kumuha ng isang tao tulad ng ginawa nila; kumukuha tayo ng buong konseho ng mga tao at pinagsasama-sama natin; at kung gayon ay talagang mayroon na kayong kalituhan. Tama. Papaano ba naman ang isang konseho... Katulad din ng iniisip nating tama ang demokrasya. Naniniwala din ako ro'n, ngunit hindi ito gagana nang tama. Hindi ito uubra kung ang nakapalibot dito at magpapalakad ay isang bungkos ng mga Ricky. Papaano mo ito maitatama? Hindi mo iyon magagawa. Pansinin n'yo, ang tunay na kailangan ay isang makadiyos na hari.

77 Pansinin n'yo, ang hayop, ang ikatlong hayop, ay ang katalinuhan ng tao. At kinakatawan niya ang mga reformer na nagsilabas sa diyos-diyosang pagano na nagsasabi, "Ito ang tinapay; ito ang alak." Kita n'yo, may taglay pa rin ang anticristo na sumisimbulo sa Cristianismo. Kailangan niya, dahil siya'y laban. Nakita n'yo? At kung siya'y laban sa isang bagay... Ngayon, kung darating siya at magsasabi, "Oh, ako'y isang Buddha." Buweno, walang anomang kinalaman 'yon; heteno iyan sa simula pa lang. Ngunit tuso ang anticristo. Mayroon siyang lahat ng uri ng mga bagay na kumakatawan sa Cristianismo, inililihis lang niya, isang bagay na laban sa orihinal na katuruan nito. Kita n'yo, kaya siya anticristo. Kita n'yo? Kaya ang mga reformer, nang humayo ang hayop sa anyo ng tao upang iyon ay labanan... Ngayon, huwag n'yong kalilimutan ito, mga magaaral; huwag n'yong kalilimutan. Kita n'yo. Pakatandaan n'yo ito buong buhay n'yo. Kita n'yo? Tama ang mga hayop na ito; ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo?

78 Pansinin n'yo, humayo ang hayop na may mukha ng tao na taglay ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng karunungan na ibinigay sa kaniya ng Diyos at inilabas ang iglesia mula sa pagsamba sa diyos-diyusan pabalik sa Diyos. Ngunit sa... Nakita natin na sa kapanahunan ding iyon ng iglesia, nang

magpasimula silang magtatag ng denominasyon para gawin ang kaparehong bagay na ginawa nila sa pasimula, na ginawa ng Roma... Ngayon, gagawa siya ng mga anak na babae ng iglesiang iyon, at ano ang kaniyang sinasabi? Aniya, "Ngayon, na ika'y—hindi kita nang saumpungang sakdal, at kailangang mong patibayin ang munting lakas na natitira sa iyo." Ngayon, pakinggan n'yo ang muli niyang pagbababala sa kanila, sa Apokalipsis 3:3. Kunin natin... Buweno, pakiwari ko'y nakuha ko na ito kanikanina lang. Alalahanin mo nga... kung paanong iyong tinanggap at narinig, at ito'y tuparin, at magsisi ka... (Sa ibang salita: "Alalahanin mo, na galing ka sa gayong kabulukan. Kita n'yo? At tignan n'yo ito.)... Kaya't kung hindi ka magpupuyat, ay paririyan akong gaya ng magnanakaw... (A-ha.)... at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo.

79 Sa pagpapatuloy, aalisin Niya ang kandelero. Kita n'yo? Kaya't iyan na 'yon. Ano iyon? Ang Liwanag ng Iglesia. At pumasok siya sa kaparehong sistemang makaorganisasyon ng kadilimang pagano na kaniyang pinanggalingan, at nanatili siya roon hanggang ngayon. At sa palagay ng mga taong tapat ang puso na iyan ang katotohanan, tulad din ng mga Catolico, at pinagtatawanan ng mga Protestante ang Catolico samantalang sila'y anim lang sa isa at kalahating dosena ng iba pa, ayon na ayon sa Salita: karunungan ng tao.

80 Ngayon, pansinin n'yo . Oh, gustung-gusto ko ito. Pakinggan n'yo Siya ngayon sa Kaniyang babala sa kanila. Ngayon, ngayon, ating... Lubos ba kayong sumasang-ayon ang bawat isa sa inyo (Ngayon, kung hindi, sulatan n'yo ako), na ang mga hayop na iyon ay ganap na natukoy sa bawat kapanahunan tulad ng pagkakatukoy sa kanila dito sa Biblia? Iyon talaga ang ginawa nila. Ipinakikita ng kanilang kasaysayan kung ano ang ginawa nila. Tumingin tayo rito at nakikita natin kung ano ang ginawa nila. At heto, ang mga hayop na iyon... Hindi ko alam iyan dati. Nakaupo lang ako roon, at nakita ko iyong humahantong do'n tulad ng kung papaano n'yo ako tinitignan ngayon. Kita n'yo? At tiyak na tama ito, dahil narito ito mismo sa Biblia, kaya ano pang magagawa mo, kundi ang sabihing tama ito?

81 Pansinin. Ngayon, ang ikaapat na hayop na isinugo para labanan ang anticristo sa huling hayop na ito... Handa na ba kayo? Ang huling hayop na isinugo, o huling kapangyarihan para labanan ang anticristo (na laban sa katuruan ng Diyos, ang anticristo) ay isang agila. Kita n'yo? Ang ikaapat na nilalang na buhay ay isang agila. Ngayon, pag-aralan n'yo lang ang mga

kapanahunan, pag-aralan n'yo ang mga Kasulatan, ito'y isang agila. At sa Biblia, ang huling kapanahunan ay ang kapanahunan ng agila, at itinutulad ng Diyos ang agila sa Kaniyang mga propeta. Kita n'yo? Ito'y... Ngayon, masdan n'yo. Ang huling kapanahunan, ang kapanahunan ng agila—tagapagpahayag ng tunay na Salita. Kita n'yo? Bago kumilos ang Diyos, tulad ng ginawa Niya sa mga araw ni Noe, nagsugo Siya ng isang agila. Nang inilabas Niya ang Israel, at handa ng humabol ang hukbo ni Faraon, nagsugo Siya ng isang agila. Sa tuwina ay nagsusugo Siya ng agila sa bandang dulo. At dito'y nagsugo Siyang muli ng agila. Eksakto iyan sa Salita, kaya papaano mo ito iibahin? Nagsusugo Siya ng agila.

82 Bakit? Isang tagapagpahayag ng Katotohanan na nawala sa buong panahong nagdaan. Kaya papaanong mahahayag ang baka, o ang isang tao, o anumang hayop na humahayo, malibang dumating ang agila? May kanikaniya silang lugar. Mga hayop silang isinugo ng Diyos, tula din ng iba pa. Ang leon, iyon ang orihinal. Doon lumitaw ang anticristo sa—sa labanan; at nagpalitaw Siya ng iba pang kapangyarihan. Nagsugo Siya ng kapangyarihan para harapin ito. At nagpalitaw siyang muli ng isa pang kapangyarihan, at nagsugo Siya ng isa pang kapangyarihan para harapin ito. At sa huling kapangyarihan, ibinaba Niya ang agila upang ipanumbalik ang mga anak sa orihinal na pananampalataya ng mga magulang—ang kapanahunan ng agila. At napansin n'yo ba? Wala ng mga hayop. Iyon na ang lahat. Iyan na ang katapusan.

83 Ngayon, kung kukunin n'yo na ang Apokalipsis 10:1-7 (Kanina ko pa ito binabanggit.) tandaan n'yo, sa kapanahunan ng huling mensahero (Kita n'yo?) ano ang dapat maganap? "Lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag." Ang agila. Amen. Ngayon, nakikita n'yo na ba ang apat na hayop na humayo? Tamangtama 'yon. Naniniwala ba kayo ro'n? At ngayon, narito ang bawat kapanahunan, o bawat kapangyarihan, na sumakay dito, at nariyan ang Kasulatan na nagpapakita kung ano ang ginawa ng mangangabayo ng kaaway. Nahayag iyan sa mga Tatak na ito, at nahayag din ngayon na bawat kapangyarihan ng hayop na isinugo ng Diyos para labanan ito ay ganap na tumugma, hanggang sa panahon ng agila.

84 Ngayon, kung ito ang huling panahon, may darating na isang agila. Tama. At diyan... Ngayon, tandaan n'yo, sa mga araw na dumating ang leon, ang orihinal na Salita, mga isang porsiyento sa kanila ang nakinig sa leon. Sa mga araw na dumating ang baka, kaunting-kaunti lang sa kanila ang nakinig sa

mensahe ng baka. Sa mga araw na dumating ang tao, kumilos siya sa kalagitnaan ng mga tao. Nakita n'yo? Kaya nga tuso siya. Naglabas siya ng maliit na lupon, at ano ang ginawa nila? Nakita iyon ni Satanas, kaya pinabalik niya sila at ikinasal sila ro'n. At tandaan n'yo, pagdating sa wakas ng agila, ika-isang porsiyento lang ng isang porsiyento ang makikinig; isa itong kapanahunan ng agila.

85 Tandaan n'yo, lahat ng iba pang mangangabayong ito... At maging si Jesus ay nanghula na kung hindi Niya padadaliin ang Kaniyang pagdating, walang lamang maliligtas para sa pag-agaw. Kasulatan ba 'yan? Nakikita n'yo na ba kung nasaan na tayo; hindi ba, mga kapatid? Nakikita n'yo na kung nasaan na tayo? Diyos, galak na galak ako. Hindi ko malaman ang gagawin ko mga kapatid. Hindi ako nakatayo rito para ako ang magsalita. Kasama rin ako rito. Kasama n'yo ako. Kita n'yo, ako'y... Ako ito. May pamilya ako. At may mga kapatid akong lalaki at babae na mahal ko. At napakabuti ng Diyos ng kalangitan para bumaba at ihayag Niya ang bagay na ito, sa pamamagitan ng mga pangitain na napatunayan sa loob ng tatlumpong taon na pawang katotohanan. Narito. Tayo'y... Dumating na tayo...?... Pinatunayan ito ng siyentipikong pagsasaliksik. Pinatunayan ito ng bindikasyon ng Salita. At narito na tayo; at galing sa Diyos ang kapahayagang ito, at ito ang katotohanan.

86 May nasapo ba kayo? Iniisip ko lang kung may nasapo kayo. Kita n'yo? Opo. Hindi ko na marahil kailangang sabihin sa inyo sa Linggo. Pansinin n'yo, pansinin n'yo. Kamangha-mangha. Ngayon, pansinin n'yo. At nang panahon na pra iligtas ng Diyos ang mundo bago bumaha, nagsugo Siya ng agila. At nang palalayain na Niya ang Israel, nagsugo Siya ng agila. Naniniwala ba kayo na nung panahon ni Juan, doon sa Isla ng Patmos, na napakasakdal ng mensaheng ito na hindi Niya ito nagawang ipagkatiwala sa anghel? Alam n'yo, ang anghel ay isang mensahero, ngunit alam n'yo ba na ang mensahero ay isang propeta? Naniniwala ba kayo riyan? Patunayan natin. Apokalipsis 22: tignan natin kung iyon nga ay isang agila. Kita n'yo, siya'y... Tunay ngang siya'y isang anghel; siya'y isang mensahero. Ngunit isang propeta ang naghayag sa kaniya nitong buong Aklat ng Apokalipsis. Ika-22 kabanata at ika-19 na talata ng Apokalipsis, palagay ko'y tama iyan kung naitala ko rito: 22:19. Marahil ay mali ako. Hindi, 22:9. Iyon nga, nakatingin ako sa 22:9. Tama. Oh, siyanga, heto.

At sinabi niya sa akin, ingatan mong huwag gawin iyan: ako'y kapuwa mo alipin, at ng iyong mga kapatid na mga propeta,... Tignan n'yo ang nakita ni Juan dito: ... Akong si Juan, ako ang nakarinig at nakakita ng mga bagay na ito... (Ngayon, patapos na siya. Ito ang huling kabanata.)... At nang aking... marinig at makita, ay nagpatirapa ako upang sumamba sa harapan ng anghel na nagpakita sa akin ng mga bagay—na nagpakita sa akin ng mga bagay na ito. (At siya, at ang anghel... Kita n'yo?) At sinabi niya sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan:... (Walang tunay na propeta o sinomang mensahero na magpapasamba. Kita n'yo, kita n'yo?)... At sinabi niya sa akin, Ingatan mong huwag gawin iyan: ako'y kapuwa mo alipin, at ng iyong mga kapatid na mga propeta,at ng mga tumutupad ng salita ng aklat na ito: sumamba ka sa Diyos.

87 Kita n'yo? Ngayon, napakahalaga ng Aklat dahil iyon ang Salita ng Diyos. Ngayon, masdan n'yo. At nang ihatid ang Salita ng Diyos, kailangang propeta ang maghatid nito, dahil sa kaniya dumarating ang Salita ng Diyos. Umaasa akong makatanggap ng katanungan hinggil diyan, sa kahong ito; wari ko'y naunahan ko sila nang bahagya rito, alam n'yo na. Pakiramdam ko'y may isang naririyan, kaya naisip kong puntahan na. Kita n'yo, kita n'yo? Bawat Salita ng Diyos ay inihahatid. Hinding-hindi nagbabago ng kaparaanan ang Biblia. Kita n'yo, ganun palagi. Kailangang dumating ito sa propetang inaasahan nating

dumating. Ngayon, pansinin n'yo ang Apokalipsis 10:1-7. Ngayon, basahin nating muli ang—ang ika-9 na talata.

88 Ngayon, kukunin natin... ating... Ngayon, bago tayo tumungo sa talatang iyon, may itatanong ako sa inyo. Naiintindihan n'yo na ba nang husto, bago natin iwan ang mga Tatak na ito? Ngayon, tandaan n'yo, wala nang lumabas na mga kapangyarihan pagkatapos ng agila (Kita n'yo?), wala na. Sa tuwing magsusugo ang anticristo ng isang bagay, nagsusugo ang Diyos ng isang kapangyarihan. Nagsugo ang anticristo ng isa pang kapangyarihan; nagsugo din ang Diyos ng isang bagay para labanan ito. Kita n'yo? At nagsugo siya muli ng panibagong kapangyarihan; nagsugo ang Diyos ng isa pa para labanan ito. Kita n'yo? At pagdating Niya sa agila, iyon ay ang Kaniyang Salita na naipanumbalik tulad ng sa pasimula.

89 Ngayon, masdan n'yo. Hindi ba't ang propetang hinihintay natin, ay isang lalaking pinahiran ng Espiritu na tulad ng kay Elias? Hindi siya si Elias, siyempre, ngunit ito'y magiging isang lalaking tulad niya na darating, at ang kaniyang ministeryo ay ang ipanumbalik sa mga taong nahulog sa mga

pambabaluktot ng denominasyon, ang orihinal na pananampalataya ng mga magulang. Ngayon, kung hindi niyan napagdurugtong-rugtong ang Biblia, hindi ko alam kung ano pa. Wala na akong masasabi pa hinggil dito, dahil iyon na 'yon. Ngayon, kayong kararating pa lang. Iyan ang katotohanan. Kapag binawasan n'yo ito ng anuman, binabaluktot n'yo ito. Kita n'yo? Ganiyan nga iyon talaga.

90 Ngayon, pansinin n'yo. Ngayon, sa ika-9 na talata, mgs kaluluwa sa silong ng dambana. Ngayon, dito maraming tunay na hindi sasang-ayon sa akin. Ngunit tignan n'yo lang sa ilang sandali, inyo lang... Kita n'yo? Ganun din ang akala ko, ngunit hindi iyon dumating nang ganun. Ating... Akala ko dati pa na ang mga kaluluwang ito sa silong ng dambana ay ang mga martir ng iglesia nung unang panahon, at natitiyak kong si Dr. Uriah Smith at bawat isa sa kanila ay ganito ang sinasabi. Kita n'yo? Ngunit... Ganun din ang akala ko. Ngunit nang ipinakita ng Espiritu Santo ang pangitain tungkol dito, hindi pala; hindi ito ang mga kaluluwang iyon.

91 Ngayon sasabihin n'yo, "Buweno, ewan ko lang." Buweno, ngayon, sandali lang. Malalaman natin. Kaya... Hindi ito ang mga kaluluwa ng Nobyang Iglesia, hinding-hindi. Akala natin dati ang Nobyang Iglesia iyon na naghihintay doon, mga kaluluwa sa silong ng dambana (Nakita n'yo?), na sumisigaw, "Hanggang kailan, Panginoon? Hanggang kailan?" Hayaan n'yong basahin ko ulit, para makuha natin nang tama. At nang buksan niya... ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong sumasakanila:

92 Kita n'yo, ang Salita ng Diyos at ang patotoong pinanghawakan nila... Ngayon, huwag kayong umalis diyan. Sandali lang. Kita n'yo? At sila'y sumigaw... Hanggang kailan, Panginoon? Hanggang kailan?... (Nakita n'yo?)...Panginoong banal at totoo, hindi mo... hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo, sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa? At binigyan ang bawat isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpapahinga pa ng kaunting panahon, hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin at... ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin namang gaya nila.

93 Ngayon, pagka't sila sa panahong ito, kung napansin n'yo, nang buksan ang Ikalimang Tatak na ito (Kita n'yo?), nakaalis na ang Iglesia. Hindi maaaring mga kaluluwa ito ng iglesia nung unang panahon. Ngayon, pakiusap, kung nagawa n'yo na dati, bigyan n'yo ito ng pansin ngayon, dahil

ito'y isang dakilang kontrobersiya, kaya gusto kong makinig kayong mabuti ngayon. At mayroon kayong mga papel at iba pa para magtala. Ngayon, gusto kong pansinin n'yo. Ngayon, hindi maaaring sila ang mga kaluluwang ito, dahil ang mga kaluluwa ng mga pinatay na matutuwid at mga taong matuwid, ang Iglesia, ang Nobya, ay naiakyat na; kaya't wala na sila sa silong ng dambana. Nasa kaluwalhatian na sila kasama ng Nobya. Ngayon, masdan n'yo. Dahil umalis na sila sa pag-agaw sa ika-4 na kabanata ng Apokalipsis; naiakyat na sila. Ngayon, sino ang mga kaluluwang ito kung gayon? Kita n'yo? Iyan ang kasunod na tanong. Sino sila kung gayon, kung hindi sila ang iglesia ng unang panahon? Ito'y ang Israel na ililigtas bilang isang bansa, lahat silang mga itinalaga. Iyon ay ang Israel. Ang Israel iyon mismo. Sasabihin mo, "Oh, sandali lang." Sasabihin mo, "Hindi sila maaaring..."

94 Oh, tunay nga, sila'y maliligtas. Linawin natin ito ngayon sandali. Mayroon akong apat o limang Kasulatan. Kukuha ako ng isa. Kunin natin sandali ang Mga Taga-Roma, at tignan natin kung sila nga ay maliligtas. Kunin natin ang Aklat ng Mga Taga-Roma at tumungo tayo sa—sa ika-11 kabanata ng Mga Taga-Roma, at malalaman natin kung... Basahin na lang natin at makukuha na natin 'yon: Ika-11 kabanata ng Mga Taga-Roma, ika-25 at ika -26 na talata. Ngayon, pakinggan n'yo dito si Pablo. At sinabi ni Pablo, kung sino man, maging isa mang Anghel ang mangaral ng ibang ebanghelyo, magiging ano siya? Isinumpa. Masdan n'yo. Sapagkat hindi ko ibig, mga kapatid na di ninyo maalaman ang hiwagang ito, baka kayo'y mangagmarunong sa inyong sariling mga haka;... (Hayan.)... ang katigasan sa isang bahagi ay nangyari sa Israel, hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Gentil.

95 Ang pagkabulag ay dumating sa Israel upang makapasok ang huling Hentil na Nobya. At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas: gaya ng nasusulat, Magbubuhat sa Sion ang Tagapagligtas, Siya ang

maghihiwalay sa Jacob ng kalikuan: Tama ba? Ngayon, mga Israelita ang nasa silong ng dambanang ito. Masdan n'yo. Binulag ang Israel upang tayo'y maligtas. Naniniwala ba kayo riyan? Ngayon, sino ang bumulag sa kanila. Ang Diyos. Binulag ng Diyos ang Kaniyang sariling mga anak.

96 Hindi nakapagtatakang habang nasa krus si Jesus ay humihiyaw ang mga Judio para sa Kaniyang Dugo—iyon ay mga sarili Niyang anak, at Siya ang Kasulatan. Siya Mismo ang Salita. At narito Siya, alam Niyang malugod Siyang tatanggapin ng mga taong iyon, kaya binulag Niya sila upang hindi nila Siya makilala. Napakahamak ng Kaniyang pagdating kaya nabulag sila dito, upang hindi nila matanggap. Kita n'yo? Sinabi ng Kasulatan na ganun ang gagawin nila; at sila'y binulag. Kinahabagan silang lubos ni Jesus sa pagsasabi Niya ng, "Ama, patawarin Mo sila. Hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." Sila'y bulag. Sinabi ni Pablo na sila'y binulag sa isang kadahilanan: para sa atin.

97 Pansinin n'yo ngayon, gusto kong masdan n'yo itong maigi. Binigyan sila ng mga balabal. Wala sila ng mga ito noon. Binigyan sila ng mga balabal—mga puting balabal, bawat isa sa kanila. Ngayon, ang mga banal ngayon ay mayroon nang... ay mayroon nang balabal. Nakukuha nila iyon dito. Ngunit doon, binigyan sila ng mga balabal, samantalang natanggap na ang mga banal ang sa kanila at sila'y nakaalis na. Kita n'yo? Kita n'yo, hindi sila nagkaroon ng pagkakataon dahil sila'y binulag ng Diyos, ng kanilang sariling Ama, upang ang biyaya ng Diyos ay matupad at ang Nobya ay makuha mula sa mga Hentil. Tama ba?

98 Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang magandang tipo kay Jose. Si Jose, ang espirituwal na lalaki, ang agila, ipinanganak siyang kasama ng kaniyang mga kapatid kung paanong ang tunay na Iglesia ay kasama ng iba, at nakapagpapaliwanag siya ng mga panaginip at nakakakita ng mga pangitain, at lahat iba pa'y namuhi sa kaniya. Minahal siya ng kaniyang ama. Pansinin n'yo, itinaboy siya ng kaniyang mga kapatid, hindi ng kaniyang ama. Itinaboy siya ng kaniyang mga kapatid, at ipinagbili ng halos tatlumpong pirasong pilak, itinapon sa isang hukay at inakalang patay na, naiahon at naupo sa kanan ng Faraon, at dahil siya ay tinaboy ng kaniyang mga kapatid (Kita n'yo?), binigyan siya ng isang nobyang Hentil, hindi kamag-anak. Mula roon ay ipinanganak niya si Ephraim at Manase, na idinagdag sa Israel. Nang basbasan sila ni Israel sa pagkukrus ng kaniyang mga kamay, mula sa bunso patungo sa panganay, para itawid ang pagpapala mula sa mga Judio patungo sa Hentil. Kita n'yo? Pinagkrus ang kaniyang mga kamay sa mas nakababatang anak, na walang iba kundi ang mas nakababatang iglesiang darating. Tumayo ang inang iglesia sa araw; isinilang niya ang batang ito. At pansinin n'yo, para makuha siya, pinagkrus ni Israel ang kaniyang mga kamay sa tipo, at si Jose, ang mga batang iyon ay mga anak ng isang inang Hentil, ang nobya ni Israel, na noon ay naitawid mula sa dating orthodox tungo sa Cristianong gawi sa pamamagitan ng Espiritu Santo na nagkrus sa mga kamay

ni Israel. Ang sabi niya, "Pinagkrus ng Diyos ang mga kamay ko." Wala siyang anumang kinalaman dito.

99 Pansinin n'yo. Nang si Jose ay tanggihan ng kaniyang sariling mga kapatid, ng kaniyang sariling bayan, kumuha siya ng isang nobyang Hentil. Katulad na katulad ng ginawa ni Jesus: nang tanggihan ng mga Judio, at kumuha Siya ng isang Nobyang Hentil. Ngayon, bumasa tayo ng isang bagay dito. May Kasulatan akong isinulat dito, Mga Gawa 15. At oh, ito'y medyo... Ito naman talaga dapat nating ituro. Ngayon, palagaya ko'y tama ito: basahin natin ang Mga Gawa 15:14. Tama. Sana'y tama na ito. Sige. "Sinaysay na ni Simeon kung paanong ang Diyos…" Simulan natin sa ika-13 talata. At nang matapos na silang magsitahimik, ay sumagot si Santiago,…

100 Ngayon, nakita n'yo kung ano'ng nangyari, bumaling sila sa mga Hentil (Kita n'yo?), at nagkaroon ng pagtatalo, dahil mga Judio sila. Kita n'yo? At nang matapos na silang magsitahimik, ay sumagot si Santiago, na sinasabi, Mga kapatid, pakinggan ninyo ako: Sinaysay ni Simon (Iyo'y si Simon Pedro)… kung paanong dinalaw na una ng Dios ang mga Gentil, upang kumuha sa kanila ng isang bayan sa kaniyang pangalan. Kita n'yo? Broy ang apelyido ng misis ko. Naging Branham siya ng kunin ko siya. Kita n'yo? Kukunin ni Jesus ang Kaniyang Iglesia sa—o ang Kaniyang Nobya mula sa mga Hentil. Ito ang Kasulatan, tinipo kung paano si Jose.

101 Ngayon, pansinin n'yo ito. Ngayon, ang mga kaluluwang ito sa silong dambana ay, ang mga kaluluwang ito, sa pagkaunawa natin ngayon na nasa silong ng dambana, ay pinagpapatay ng mga makasalanang taong tulad ni Eichmann. Kita n'yo? Sila'y naghihintay, milyon-milyon sila (Kita n'yo?), ngunit nanatili silang mga Judio. Ngayon, tandaan n'yo. Ano iyon? Pinatay sila dahil sa Salita ng Diyos, hindi dahil sa patotoo ni Cristo. Naunawaan n'yo ba 'yon? Ngunit tandaan n'yo, pumasok ang iglesia. Ang mga martir ng iglesia ay pinatay din dahil sa Salita ng Diyos at sa patotoo ni Jesus Cristo. Ilan sa mga narito ang nakaaalam din niyan? Tama. Ngunit ang mga ito'y walang patotoo ni Jesus Cristo "… dahil sa Salita ng Dios, at dahil sa patotoong sumasakanila," bilang mga Judio. At kinamuhian sila ni Hitler, gayon din ni Eichmann, ni Stalin, at lahat ng iba pa

sa mundo (Kita n'yo?), ngunit nanatili silang tapat sa kanilang paniniwala. At pinatay nila sila dahil sila'y mga Judio. Alam n'yo bang si Martin Luther ay tila may gayon ding ideya? Totoo iyon. Ang sabi

niya, "Lahat ng mga Judio ay dapat patayin. Mga anticristo sila." Kita n'yo? Ngunit siya'y nasa ilalim ng ibang dispensasyon, at hindi niya ito -di niya nakita ang Salita. Ngayon ang Salita ng Katotohanan ay dumating na.

102 Papaano mong bubulagin ang Israel? Hindi mo iyan magagawa. Hindi. Oh, paanong nagawang tumayo roon ng propeta nung araw na iyon at magsabing, "Tulad ka ng isang mabangis na toro, Israel," nung sinisikap nilang ipakita sa kaniya ang pinakapangit na mga bahagi nito; at ang sabi niya, "Aba," aniya, "sinumang magpala sa'yo ay pagpapalain, at sinumang sumumpa sa'yo ay susumpain." Tama. Ay, naku. Papaano mong gagawin 'yon? Minsa'y akala nila'y makakalimot ang Diyos. Nang makita ng propetang dumarating ang madilim na bagay iyon sa mga Judio, nakatayo roon ang lalaking iyon at ang Salita ng Diyos ay bumubuhos sa kaniya, aniya, "Oh, Panginoon, pababayaan Mo ba ang iyong bayan?" Ang sabi Niya, "Ano iyang hawak mo?" Sabi niya, "Isang panukat." "Gaano kataas ang kalangitan? Sukatin mo. Gaano kalalim ang dagat?" Sabi niya, "Hindi ko kaya." Ang sabi Niya, "Hindi ko rin kayang kalimutan ang Israel." Hindi po. Hindi Niya siya kalilimutan. Kinailangan Niyang bulagin ang sarili Niyang anak. Ngayon, isipin n'yo iyan: binulag Niya ang sarili Niyang anak para bigyan tayo ng pagkakataon, pagkatapos ay tinatanggihan natin. Ngayon, hindi ba't nakapanliliit iyan nang husto na maaari ka nang gumapang sa ilalim ng isang konkretong bloke na nakasuot ng napakalaking sumbrero na hindi sumasayad doon. Napakaliit niyon, alam n'yo. Ay, naku.

103 Oo, nanghawakan sila sa Salita ng Diyos. Mga Judio sila. May batas sila at nanatili sila ro'n. Naaalala n'yo 'yung kagabi? Nanatili sila roon. At sila'y mga Judio, at nasa kanila ang kautusan, at ang Kautusan ay ang Salita ng Diyos. Nanindigan sila ro'n. Tama. At dahil sa pinanghawakan nilang patotoo, sila'y pinatay, at heto ang mga kaluluwa sa silong ng dambana, matapos na umalis ang Iglesia.

104 Ngayon, masdan n'yo. Pinatay nila ang kanilang Mesias dahil sa pagkabulag nila, at ngayo'y pinagbabayaran nila ito. Napagtanto na nila. Saka nila napagkilala nang makaalis na ito. Nakita nila nang sila'y maparoon na sa harapan ng dambana ng Diyos. Ngunit ngayo'y nasa kanila ang biyaya ng Diyos. Ngayon, masdan n'yo. Ngayon, sa anumang paraa'y hindi maaaring maging mga banal sila, dahil sana'y nakabalabal na sila, ngunit dito'y mga kaluluwa lang silang nasa silong ng dambana dahil sa Salita ng Diyos at sa patotoong pinanghawakan nila sa pagiging mga Judio, ang bayan ng Diyos. Nguniy ngayon, masdan n'yo. Dumating sa kanila ang biyaya ng Diyos, at binigyan ni Jesus ang bawat isa sa kanila ng isang puting balabal (Masdan n'yo.) nang malaon nang makaalis ang Iglesia, dahil sila'y naging tapat sa kanilang adhikain, at sila'y binulag nang hindi nila nalalaman. Hindi nila iyon alam. Lubos nilang ginampanan ang bahaging itinalaga ng Diyos na gampanan nila. At narito, tumingin si Juan at nakita niya ang mga kaluluwa sa silong ng dambana. Ngayon, masdan n'yo. Nakita niya ang mga kaluluwang iyon. Tignan n'yo kung anong itinawag niya sa kanila. Sumisigaw sila, "Panginoon, hanggang kailan?" Masdan n'yo. "Kaunti pang panahon." Kita n'yo? (Kunin natin iyanhabang nagpapatuloy tayo sa Kasulatan.)

105 Napagtanto nilang pinatay nila ang kanilang Mesias. Kita n'yo? At hindi nila ito alam, ngunit pagkatapos ay napagtanto nila. Pinagpapatay din sila para pagbayaran ang mali nilang ginawa. At ngayon, tignan n'yo ang kinailangan nilang gawin. Kita n'yo, nagkasala sila ng pagpatay, kaya sila pinagpapatay. Kita n'yo? Sumigaw sila, "Mapasaamin ang Kaniyang Dugo." Kita n'yo? Tama. At sila'y binulag. Ngayon, kung hindi sila binulag, sinabi sana ng Diyos, "Pabayaan ninyo sila. Hindi sila karapat-dapat." Ngunit dahil binulag sila ng Diyos, inabot sila ng biyaya ng Diyos. Amen. Kamanghamanghang biyaya ito, at binigyan ang bawat isa sa kanila ng balabal, dahil ang buong Israel ay maliligtas: bawat isa na nakasulat ang pangalan. Tama.

106 Binigyan sila ni Jesus ng mga balabal, tulad ng ginawa ni Jose sa kaniyang mga kapatid: Tignan, nang tumayo roon si Jose, at nang sa dulo ay kaniyang... Ipinakilala niya ang kaniyang sarili doon sa altar, sa kaniyang sariling altar, sa kaniyang palasyo, sa kaniyang trono; ang sabi niya, "Iwan ninyo akong lahat." Nasa palasyo ang kaniyang asawa kung saan din doroon ang Nobya. At sinabi niya sa kanila; aniya, "Hindi n'yo ba ako nakikilala?" Aba'y, nangungusap na siya sa wikang Hebreo ngayon. "Ako ang kapatid n'yong si Jose." Ay, naku.

Ang sabi nila, "Ngayon, oh, pananagutin mo kami." Aniya, "Sandali lang; sandaling lang. Ipinahintulot iyon ng Diyos sa isang layunin, ang ipinatapon Niya ako sa inyo para makapagligtas ng buhay." Luwalhati, hayan na nga. Ang sabi niya, "Huwag kayong magalit sa inyong sarili." Naaalala n'yo bang sinabi 'yan ni Jose? Sabi niya, "Huwag kayong magalit sa inyong mga sarili. Ayos na ang lahat ngayon. Tapos na ang lahat. Isinugo ako ng Diyos dito nang una sa inyo." Alam n'yo, sabi ng Bibliang sasabihin daw nila sa Kaniya kapag nakita nila Siyang dumarating, "Ikaw ang Mesias, alam namin; ngunit saan galing ang mga pilat na 'yan?" Kita n'yo? Sabi Niya, "Oh, nakuha Ko 'yan sa bahay ng Aking mga kaibigan."

107 Mga kaibigan, kapag napagtanto na nila, sila na mga naiwan, ang sandaan at apatnapu't apat na libo, sabi ng Biblia maghihiwa-hiwalay ang kanilang mga sambahayan at gugugol sila ng mga araw upang umiyak at tumangis at magpapalakad-lakad, na nagsasabi, "Paano namin nagawa iyon? "Paano namin nagawa iyon? Aba'y, ipinako namin ang aming sariling Mesias." Tatangis sila na tulad ng pagtangis ng isang tahanan para sa kanilang bugtong na anak. "Paano namin nagawa iyon?" Ang mga Judiong iyon,

sila ang pinaka-relihiyosong tao sa buong mundo; hinirang ng Diyos. Ngunit binulag Niya sila para makuha tayo, pagkatapos ay tinatanggihan natin. Ano ang kahatulan ng iglesiang Hentil? Hayan. Kita n'yo? Sinadayng binulag ng Diyos sa layong makuha tayo, ang Nobya, para kay Jesus. Kinuha sila mula sa... Kita n'yo, at bago pa man ay itinipo na ito at lahat...

108 Ngayon, nakikita n'yo na ba kung sino ang mga kaluluwang ito? Hindi sila ang mga pinatay na mga banal. Nakaalis na sila. Tama. Pansinin n'yo, sila'y mga... Nakaalis na sila. Kita n'yo? Kaya ang mga ito'y binigyan ng mga balabal, bawat isa sa kanila. At ngayon, gusto kong pansinin n'yo. Ngunit ngayo'y bumaba ang biyaya sa kanila. Bawat isa kanila ay binigyan ni Jesus ng puting balabal kung papaanong naging mabiyaya si Jose sa kaniyang mga kapatid. Ngayon, masdan n'yo. Bagama't sinikap din nilang patayin si Jose, ngunit inabot pa rin sila ng kaniyang biyaya. Kita n'yo? "Oh, ayos lang 'yon. Ayos lang 'yon. Hindi ninyo sinadya 'yon. Ngunit kita n'yo, ang Diyos ang gumawa niyon. Kita n'yo? Ipinahintulot ng Diyos na gawin n'yong lahat iyon para maitaboy n'yo ako, at madala ako rito para makapagligtas ng buhay ng mga tao, ang mga Hentil na ito, kung saan nanggaling ang asawa ko. Hindi sana ako nakapag-asawa kung nanatili ako roon. At mahal ko ang asawa ko;

binigyan niya ako ng mga anak na naririto," at aniya, "At ngayon, kukunin ko kayong lahat. Ngayon, lahat kayo'y magtatamasa rin ng kabutihan. Dadalhin ko kayo rito; mamumuhay tayo nang sama-sama bilang isang malaking pamilya." Sabi Niya, "Isang bagay ang nais kong itanong sa inyo. Buhay pa ba ang aking matandang ama?" Oh.

109 At tignan n'yo siya, kung ano ang ginawa niya sa munting si Benjamin, na siyang tipo ng sandaan at apatnapu't apat na libo na tataakayin natin mamaya. Nakita n'yo ba ang ginawa niya? Tumakbo siya ng mabilis patungo kay Benjamin, humilig sa kaniyang leeg at nagpasimulang yakapin siya. Ang kaniyang munting kapatid na ipinanganak ng kaniyang ina sa pamilya, matapos na mawalay siya, ang unang iglesia, ang iglesiang orthodox. Ang sandaan at apatnapu't apat na libo ay ipinanganak nung wala Siya, habang nasa malayo Siya wala upang kunin ang Kaniyang Nobyang Hentil. Ay, naku. Wala ba 'yang nagagawa para sa inyo? Hayan... Kaya, nakikita n'yo na ba kung sino sila? Hayan.

110 Pansinin n'yo ngayon, kahit sinikap nilang patayin si Jose, inabot pa rin sila ng kaniyang biyaya. Kahit sinikap nilang patayin si Jesus, babalik pa rin Siya, dahil sila'y bulag, at bibigyan ang bawat isa sa kanila ng puting balabal. Iuuwi pa rin Niya sila. Hindi na mahalaga 'yon dahil sinabi na Niya na, "Ililigtas Ko pa rin silang lahat." Kita n'yo? Ngayon, ang ika-10 talata. Pansinin n'yo, humiling sila ng paghihiganti. Kita n'yo? Ngayon, kung ang Nobya 'yon, naging tulad sana iyon ni Esteban: "Ama, patawarin Mo sila," alam n'yo na. Kita n'yo? Ngunit ang mga ito ay mga Judio na sadyang nakapasok lamang. Kita n'yo? Gusto nilang gumanti. Pansinin n'yo ulit... Kita n'yo? Muli ay sinabi Niya... Pansinin n'yo, hindi ito... Ang sabi Niya, "Ito'y inyong mga kapatid," ang mga Judio, ang sandaan... Ngayon, gusto nilang maghiganti. Sabi nila, "Oh, kami'y... Gusto naming ipaghiganti Mo kami doon sa ibaba." Sinabi Niya, "Kaunting panahon na lang, kaunting pang panahon, pagkat..." (Pansinin n'yo, hayaan n'yong basahin ko ito. Nasa ika-10 talata ito.) Sige. At sila'y sumigaw ng tinig na malakas, na nagsasabi, Hanggang kailan, Oh Panginoong banal at totoo, hindi mo hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo, sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa? At binigyan ang bawa't isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa ng kaunting panahon,… (Kita

n'yo?Masdan)… hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin…(Kita n'yo? Ngayon, ano ito? Ang mga propeta sa panahong ito ay nangangaral na sa Israel. Kita n'yo?)… kanilang mga kapuwa alipin…at ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin… (Kita n'yo, ang mga itinalaga para mamatay, kaya kita n'yo, dapat ay patayin)… namang gaya nila.

111 Kita n'yo, sa ibang salita, itinalaga ito sa kanila. Ito ang Kasulatan na dapat nila tuparin. At maghintay pa ng kaunting panahon. Ngayon, taglay n'yo na ang inyong mga balabal; uuwi na kayo. At manatili lang kayo riyan nang kaunti pang panahon. Kita n'yo, maghintay pa kayo nang kaunting panahon. Ngayon, pansinin n'yo. Ngayon, pansinin n'yo. Ang inyong mga kapatid—ang inyong mga kapatid ay kailangan pang patayin, at nangangahulugan ito na ang sandaan at apatnapu't apat na libo ay kailangan pang tawagin sa kapighatian, ang sandaan at apatnapu't apat na libo ay tatawagin… Sana'y may oras pa tayo. Marahil ay matatalakay natin ito bukas ng gabi, kung loloobin ng Panginoon, bago tayo pumunta sa isa pang Tatak. Kita n'yo? Gayon din… Ngayon, masdan n'yo. Kailangan silang patayin ng anticristo; katatalakay pa lang natin diyan, at napansin natin sa kaniyang huling pagsakay, na sinira niya ang tipang iyon sa mga Judio, at nagpatuloy siya. Kita n'yo? Ang mga Judiong ito, ang sandaan at apatnapu't apat na libo, ay tatawagin ng dalawang saksi ng Apokalipsis 11.

112 Ngayon, natatandaan n'yo, sila'y dapat manghula. Nabasa n'yo 'yon. Ilan ang nakabasa niyon? Tiyak nga, pamilyar tayong lahat sa pagbabasa ng Kasulatang iyon. At sila'y manghuhula, ang dalawang saksing ito ay manghuhula sa panahon ng ikalawang kalahati ng pitumpong sanglinggo ni Daniel. Iyon ang huling tatlo at kalahating taon. Natatandaan n'yo ba kung paano natin tinalakay ang pitumpong sanglinggo ni Daniel? Sinabi kong kakailanganin natin ito sa pagdating natin dito. Hindi ko alam kung bakit, ngunit may nagsabi sa aking kakailanganin natin ito, at heto na nga. Kita n'yo, kita n'yo? Pansinin

n'yo, sa panahon ni Daniel… Ngayon, tandaan n'yo, nasabi kay Daniel na darating ang Mesias (ang prinsipe, ang Mesias, ang ibig kong sabihin) at Siya'y manghuhula. May nalalabi pang pitumpung sanglinggo ang Israel, at sa kalagitnaan ng ikapitumpung sanglinggo ay mahihiwalay ang Mesias, at aalisin ang pang araw-araw na hain (Tama ba?), ngunit mayroon pang pinasyang tatlo at kalahating sanglinggo. Sa bahaging ito'y kukunin

Niya ang Nobyang Hentil. Ngayon, aakyat siya, at pag-akyat niya, darating ang dalawang propeta sa Israel. Kita n'yo?

113 At ang mga kaluluwang pinatay sa bandang ito, mga tunay na Judio sa mga panahong iyon, ang mga pangalan nila'y nasa Aklat, namuhay sila ng tamang buhay, at gumawa ng tama, ipinamuhay ng lubusan ang Judaismo; at sila'y minartir ni Eichmann at ng marami pang iba. Mga tapat na tao, milyunmilyon sa kanila ang pinagbabaril ng mga Aleman, pinagpapaslang, pinagpapatay, pinagbibigti sila sa mga bakod, at pinagsusunog sila, at lahat na. Ang mga malulupit, na may pusong uhaw sa dugo na sina Hitler, Stalin, at Mussolini, at lahat ng mga taong iyon na namuhi sa mga Judio…

114 Sa palagay ko'y isa iyon sa mga bagay na nagpapanatiling buo sa bansang ito, dahil simula't sapul ay iginagalang nila ang Judio (Tama.), binibigyan sila ng puwang. Igalang mo ang isang Judio, at igagalang ka ng Diyos. Ngayon, may grupo ng mga Judio na taksil, tulad din naman sa mga Hentil. Ngunit ang tunay na Judio, isinulat ng Diyos ang pangalan niya sa Aklat bago pa itatag ang sanlibutan, at heto siya't pinaslang sa panahong ito. At tandaan n'yo… Isipin n'yo ito ngayon, kung gaano ito kasakdal. Pagkatapos paslangin ng mga bansa ng mundo ang milyun-milyong Judio, mga inosenteng tao, narito ang Kasulatan ay nagsasabi na sa panahong ito ang bawat isa sa kanila ay nasa silong ng dambana, at napagtanto nila ang nangyari; at binigyan sila ng mga maputing balabal.

115 At sabi nila, "Buweno, bakit hindi pa kami puwedeng bumalik sa Kaharian ngayon?" Ang Kahariang Judio ay mitatatag sa lupa, alam n'yo. Sinabi ni Juan na ang Kaharian ng langit (Kita n'yo?), ay itatatag… Ngayon, Kaharian ito ng Ebanghelyo (Nakita n'yo?), ngunit ang Kaharian ng mga Judio ay ipangangaral ng dalawang propetang ito. Kaya pansinin n'yo ang kaharian ng mundong ito. Ang Kaharian ng langit ay ipinapangaral ng mga Judio—o ang ibig kong sabihin, ay sa mga Hentil. Ang Kaharian ng—dito sa lupa ay maitatatag sa milenyo, pagkatapos ng milenyo sa mga Judio. Ngayon, pansinin n'yo. Pansinin n'yo ito ngayon. Dito, habang nangangaral sila (Kita n'yo?) bago pa dumating ang mga propetang ito sa eksena, ang mga Judiong ito na kinailangang mamatay sa pamamahala ni Eichmann at iba pa, bawat isa sa kanila na itinalaga ay pinagkalooban, sa pamamagitan ng biyaya, ng isang puting balabal. Amen. Bawat isa sa kanila ay pinagkalooban ng puting balabal… Napansin n'yo ba kung anong nangyari? Pagkatapos na pagkatapos na maganap ito…

116 Minamasdan ko ang orasang doon sa likuran, alam kong lumalalim na ang gabi, ngunit ayokong… Kita n'yo, a—ako'y… Napapansin ko ang mga kawawang taong nakatayo roon, tulungan nawa kayo ng Diyos, mga kapatid. Umaasa akong bawat isa sa inyo ay pagkakalooban din ng puting balabal sa araw na yaon. Kita n'yo? Mga nakatayo, nagpapalit-palit ng posisyon at namimitig ang mga binti, at ilan sa inyo ay nagtrabaho nang maghapon. Alam ko kung ano 'yon. At tignan n'yo ito… At ilan sa mga abang matatandang kababaihan ay nakatayo. Napapansin kong ilan sa mga kalalakihan ay nagbibigay ng upuan nila sa mga kababaihan, at ang iba pa'y nagpaubaya sa mga nanay na may bata… At nakikita kong lahat iyon, at tiyak akong nakikita rin Niya. Pansinin n'yo, ngunit ayokong patagalin kayo nang husto. Kung magagawa ko lang maipakita sa inyo ang mensahe, 'yon lang ang gusto kong magawa n'yo. Kita n'yo?

117 Ngayon, pansinin n'yo. Ang mga Judiong ito… Kailangang gawin ko ito para—para maipakita sa inyo ang kapahayagan ng Tatak na ito, upang inyong makita kung ano ito, ang mga kaluluwang ito sa silong ng dambana at kung sino sila. Ngayon, pansinin n'yo. Sa panahon ni Daniel, ang ikalawang kalahati ng ikapitumpung sanglinggo… Ngayon, tandaan n'yo, ang Mesias ay ihihiwalay sa kalagitnaan nito. Iyan ay sa pagitan. Buweno, ano ang kalahati ng pito? Tatlo't kalahati. Gaano katagal nangaral si Cristo? [Sumagot ang kongregasyon: "Tatlo't kalahati."—Ed.] Tama. Ngayon. Ngunit ano pa ang ipinasya sa mga tao? Isa pang tatlo at kalahating taon.

118 Ngunit sa panahong ito, aba'y, makikita n'yo na ang mangyayari'y pipiliin ang Nobyang Hentil sa pitong kapanahunan ng iglesia at aakyat, at pag naganap 'yon, lahat ng mga Judiong ito na pinatay sa panahong iyon, dahil sa pagkabulag (nakalagak sila sa silong ng dambana) darating ang Diyos at magsasabing, "Nakita n'yo ba kung ano iyon? Ngayon, bibigyan ko ang bawat isa sa inyo ng balabal." Sabi nila, "Hanggang kailan, Panginoon? Papasok na ba kami ngayon?" Aniya, "Hindi, hindi pa. Ang kababayan n'yong mga Judio, ay kailangang magdusa pa ng kaunti. Kailangan silang patayin kung paanong kayo'y pinatay. Kailangang makuha sila ng hayop kapag sinira na niya ang kaniyang tipan."

119 Ngayon, pansinin n'yo. At ngayon, pansining kapag… Ngayon, para lang matandaan n'yo, manghuhula ang dalawang propetang ito ayon sa Apocalipsis 11 (Itaas n'yo ang kamay n'yo kayong nakabasa nito. Kita n'yo?),

at pinagkalooban sila ng kapangyarihan. At sandali na lang ay matutuklasan na natin kung sino sila,

kung loloobin ng Panginoon. Ngayon, pansinin n'yo kung sino ang mga propetang ito. At ngayo'y sinasabi dito ng Biblia. Tunay nga. Tunay. Kita n'yo? Ngayon, pansinin n'yo, sa kalagitnaan nitong tatlo at kalahating sanglinggo, na nanghuhula sila dito, at ang sabi dito ng Apocalipsis, sila'y manghuhula ng sanlibo, tatlong daan at animnapung araw. Kung..

120 Ngayon, ang karaniwang kalendaryo ng mga Judio, ang karaniwang haba ng kalendaryo ng Diyos ay eksaktong tatlumpung araw sa isang buwan. Ang Romano kalendaryo ang nagpagulo nito. Ang karaniwang kalendaryo ay may tatlumpung araw sa isang buwan. Ngayon, kung kukuha kayo ng tatlumpung araw at dadagdag n'yo ng tatlo't kalahating taon, na may tatlumpung araw, tignan n'yo kung ano ang makukuha n'yo: sanlibo tatlong daan—dalawang daan at animnapung araw; sanlibo dalawang daan at animnapung araw, eksaktong tatlong taon at kalahati. Ngayon, makikita n'yong walang mali riyan. Hayan na nga. Tugmang tugma tulad ng pagkakalapat ng dalawang papel na pinunit. Pansinin n'yo. Nangaral ang dalawang propeta ng tatlong taon at kalahati sa mga Judio. Doon ay tinawag ang sandaan at apatnapu't apat na libo.

121 At, pansinin n'yo, ang dalawang propetang ito ay eksaktong sina Moises at Elias. Kita n'yo? Ngayon, tignan n'yo. Tignan n'yo ang kanilang ministeryo. Ngayon, masdan n'yo kung anong ginagawa ng dalawang propetang ito. May kapangyarihan silang saktan ang lupa sa pamamagitan ng salot kailanman nila naisin. Sino ang gumawa nito? Si Moises. May kapangyarihan silang isara ang kalangitan, upang di umulan sa panahon ng kanilang ministeryo. Sino ang nagsara ng kalangitan sa loob ng tatlo't kalahating taon? [Sumagot ang kongregasyon, "Si Elias."—Ed.] Hayan. Sila 'yon.

122 Kita n'yo, ito'y… Kita n'yo, ang tao, kapag siya'y namatay, hindi nababago ang kalagayan niya; hindi nagbabago ang katangian niya. Kita n'yo? Tignan n'yo, nang—nang… Nang mag-backslide si Saul at walang propeta sa lupain, hindi niya malaman kung anong dapat gawin. Nahaharap siya sa isang digmaan. Nagtungo siya sa mangkukulam sa Endor. Ngayon, dahil nasa ilalim pa lang sila ng dugo ng mga baka at kambing, ay nagawa niya 'yon. At tinawag niya ang espiritu ni Samuel; at nang lumitaw si Samuel, nakatayo siyang suot ang damit niya bilang propeta. Hindi lang iyon, ngunit propeta pa rin siya. Sabi niya, "Bakit mo ako tinawag mula sa aking

pamamahinga?" (Kita n'yo?) aniya, "kita mong ika'y naging kaaway na ng Diyos." Sinabi niya, "Sa ganitong oras bukas ng gabi ay mabubuwal ka sa digmaan, at sa ganitong oras bukas ng gabi ay makakasama kita." Ganun nga talaga ang nangyari.

123 Kita n'yo, hindi lang… Isa pa rin siyang propeta. Kita n'yo? At ang mga lalaking ito ay mga propeta pa rin. Ngayon, lalalim tayo riyan nang kaunti sa ilang sandali, kung loloobin ng Panginoon. Kita n'yo? Ay, naku, gustung-gusto ko ang Salitang iyan. Hindi nakapagtatakang ang tao'y hindi lang sa tinapay nabubuhay, kundi sa bawat salitang namumutawi sa bibig ng Diyos. Ang dalawang propetang ito ay sina Moises at Elias ayon sa kanilang mga gawa na muling naulit. Dati pa ganun na ang kanilang ministeryo. Ngayon, pansinin n'yo, tulad ng ginawa nila… Hindi iyon nagpabago sa kanila. Naaalala n'yo, hindi namatay ang mga lalaking ito. Masdan n'yo lang sa ilang sandali. Ngayon, huwag ninyong pagpalitin, bago natin ito lisanin, huwag ninyong pagpalitin ang pang-limang ministeryo ni Elias sa kaniyang pang-apat na ministeryo. Dati ko pa sinasabi sa inyo, nag-aabang ang Iglesiang Hentil kay Elias. Tama. At dito siya ay kasama ng mga Judio. Tandaan n'yo, hindi siya maaaring dumating nang apat na beses. Numero iyan ng kaaway. Kailang limang beses siyang dumating.

124 Nung una siyang dumating, siya mismo si Elias. Nung sumunod na pagkakataon, si Eliseo naman siya. Sa sumunod na pagparito niya, sino naman siya? Si Juan Bautista. Sa susunod na pagdating niya ito ay para sa ikapitong anghel. At pagdating niya sa ikalimang pagkakataon, kasama niya doon si Moises …?... Opo. Huwag n'yo siyang pagpalit-palitin. Lima, kung alam n'yo ang mga numero n'yo ng Biblia, ang lima ay bilang ng biyaya para sa pagpapagal; at iyon ang ginawa Niya. Ngayon, masdan n'yo, gusto n'yong malaman kung ano iyon. Si Jesus ba ay naging isang biyayang nagpagal? J-e-s-u-s lima; l-a-b-o-r (Tama ba?) nagpagal dahil sa pag-ibig sa inyo. At kung pupunta ka sa Kaniya, paano ka lumalapit? Sa pamamagitan ng ano? F-a-i-t-h, na nagle-l-a-b-o-r. Tama ba? Ang pagpapagal ay bilang ng biyaya. Tama, sa mga mananampalataya… Pansinin n'yo, ang unang Elias, siya iyon. Ang ikalawa ay si Eliseo. Ang ikatlo ay si Juan. Ang ikaapat ay ang ikapitong anghel o ang huling mensahero sa iglesia, ayon sa Malakias 4 at Apocalipsis 10:7. Ngayon, ang panlima ay isang mensahero sa mga Judio, sa sandaan at apatnapu't apat na libo, sa mga Judio matapos na makaalis ang Iglesia.

125 Sadyang kakatwa ang pakiramdam ko. Kita n'yo, kita n'yo? Tignan n'yo. Kung iniisip ng ilan na… Gusto kong makuha n'yo ito ngayon. Kung iniisip ng ilan na ang Malakias 4, na magpapanumbalik sa mga tao, ay siya ring magtutungo sa mga Judio at iniisip nilang iisa lang iyon, hayaan n'yong itama ko iyan sandali para sa inyo. Kita n'yo, medyo magiging nakalilito ito, dahil tandaan n'yo, sa Malakias 4, ang sabi Niya "ipapanumbalik ang pananampalataya ng mga magulang—o ng mga anak pabalik sa mga magulang." Kita n'yo, "pabalik sa mga magulang."

126 Ngayon, hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang pagkakaiba ng ministeryo. Kung siya'y babalik para

isauli ang pananampalataya ng mga anak pabalik sa mga magulang, tatanggihan niya si Cristo. Babalik siya sa kautusan. Tama ba? Sinunod ng mga magulang ang kautusan. Nakuha n'yo ba? Pansinin n'yo, nang dumating si Elias upang tuparin ang kaniyang ministeryo sa Malakias 4 (Kita n'yo?), bilang Malakias 4, nag-iisa lang si siya. Ngunit sa pagdating niya upang magministeryo sa mga Judio sa Apocalipsis 11, kasama na niya si Moises. Kaya walang kalituhan, konti man. Nakuha n'yo? Pagdating ni Elias sa Malakias 4, nag-iisa lang siya. Si Elias ay… hindi si Elias, si Moises. Darating si Elias.

127 Ngunit iisang inspirasyon ang nagsabing darating si Elias sa huling bahagi ng kapanahunan ng iglesia para ipanumbalik ang pananampalataya ng mga anak sa orihinal na pananampalataya ng mga magulang, ang apostolikong pananampalataya, na dapat lang bumalik, subalit binunot ng anticristo ang lahat ng mga ito… upang ipanumbalik, tulad ng lahat ng mga Kasulatan ay nagtutugma-tugma… Kita n'yo? Dumating siyang mag-isa. Kita n'yo? Ngunit pag dumating siya sa iglesia, ang Biblia—pag dumating siya sa sandaan at apatnapu't apat na libo, malinaw na sinasabi ng Biblia na siya at si… Dalawa sila, hindi isa, dalawa sila.

128 At hindi maaaring ibalik ng kaniyang unang ministeryo ang mga Judio sa kautusan, dahil darating siya na ipinapangangaral si Cristo sa sandaan at apatnapu't apat na libo (Amen.), ang Mesias na naihiwalay. Amen. Iyon na 'yon. Kaya't huwag n'yong pagpapalitin. Hindi ito nakalilito. Hindi nagsisinungaling ang Kasulatan, ni konti man. Luwalhati. Oh, nang makita ko iyon ako'y sadyang … Sabi ko, "Salamat, Panginoon," nang pinagmamasdan ko itong nagaganap doon, nakita kong lumakad si Elias para sa unang panahong iyon nang nag-iisa. At… Nag-iisa lang siya, at nang makita ko siyang bumalik muli sa iba namang dako, dalawa na sila. Nakita ko…?... "Hayun na nga. Mabuti 'yon. Iyon na 'yon, Panginoon. Amen.

Nakikita ko na ngayon." Kung hindi ko ito binanggit, magiging medyo nakalilito ito sa iba, ngunit sinabihan Niya akong banggitin ko ito, kaya ginawa ko. Pansinin n'yo, pinanatiling buhay ng Diyos ang mga lalaking ito mula sa kanilang orihinal na ministeryo para sa paparating na gawain; ipinaglingkod nila ito nang napakainam. Kita n'yo? Isipin n'yo lang, na ang espiritu ni Elias ay nagministeryo ng limang beses: Si Moises, ay dalawa. Masdan n'yo, pinanatili silang buhay para sa higit pang gawain… Walang isa man sa kanila ang patay ngayon. Hindi ba kayo naniniwala riyan? Kapuwa sila nakitang buhay, nakikipag-usap kay Jesus sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Ngunit tandaan n'yo, kailangang mamatay sila.

129 Ngayon, ngayon, ang totoo si Moises ay namatay, ngunit siya'y bumangon, dahil siya ay sakdal na tipo ni Cristo. Kita n'yo? Walang nakaalam kung saan siya inilibing. Dumating ang mga Anghel at kinuha siya. Kita n'yo? May mga Anghel siyang tagabitbit. Bakit? Walang mortal na tao na maaaring makapaghatid sa kaniyang patutunguhan. Basta't dumaan lang siya sa isang eksena; gan'un lang. May mga Anghel siyang tagabitbit, dahil dinala nila siya sa dapat niyang paglagyan; walang nakaaalam. Hindi alam maging ni Satanas; nakipagtalo pa siya sa arkanghel. Tama. Hindi niya maintindihan kung ano'ng nangyari kay Moises. "Nakikita ko siyang nangangatog doon, at tumitingin sa lupain, at nililingon ang mga anak at iba pa, nakikita ko siyang nanginginig, ngunit tumayo siya sa bato, at iyon na ang huli kong pagkakita sa kaniya." Iyon ang Bato. Iyon ang Bato. Hayaan n'yong tumayo ako sa Batong iyon sa dulo ng aking landasin. Opo. May itim akong kapatid na dati-rati'y pumaparito at umaawit ng isang munting awit, If I could, I surely would, Stand on that Rock, where Moses stood. Opo. Oh, iyon ang Batong nais ko ring tayuan; sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakatayo ako roon.

130 Ngunit tandaan n'yo, si Elias ay sadyang napagod, sapagkat marami pa siyang trabaho sa unahan niya; napagal na siya nang husto. At pinasundo na lang siya ng Diyos para makauwi (Tama.), nagsugo Siya ng karuwahe. Tama ba? Iniangat siya, hindi siya namatay, dahil pinanatili Niya siyang buhay. May ipagagawa pa Siya sa kaniya sa hinaharap. Papapahiran sa kaniya ang isang lalaki (Kita n'yo?), na lilitaw sa kaniyang espiritu, ngunit kailangan nilang makatikim ng kamatayan. Ngayon, ika-11 kabanata ng Apocalipsis… Pumunta na tayo sa… Narito na rin naman ako; sagiin na

natin, Apocalipsis 11. Inyong masdan at tignan kung hindi sila papatayin pareho. Opo, kapuwa sila dapat makatikim ng kamatayan. Opo, ngayon. Pagkatapos ng kanilang ministeryo, makatitikim sila ng kamatayan. Apocalipsis 11, at simulan natin sa ika-7. At pagka… natapos nila ang kanilang patotoo, ang hayop na umahon mula sa kalaliman… ay babaka sa kanila,… (Ay, naku. Hindi niya magawang makatayo; bumalik na naman ang mga holy roller. Kita n'yo, tama.)… mula sa kalaliman ay babaka sa kanila at pagtatagumpayan sila, at sila'y papatayin. (Ngunit masdan n'yo kung ano'ng mangyayari. Sila'y mga sakdal na tipo.) At ang kanilang mga bangkay ay nasa lansangan ng malaking bayan,… na ayon sa espiritu ay tinatawag na Sodoma at Egipto, na doon din naman ipinako sa krus ang Panginoon nila. (Sa Jerusalem. Kita n'yo?)

131 Ngayon, kailangang harapin nila ang kamatayan, hindi ba (Tama.) pagkatapos ng kanilang ministeryo? Bakit? Ang ministeryo ng ikapitong anghel, ang ministeryo ng ikapitong anghel—ang ministeryo ni Elias sa ikapitong anghel—hindi… Bakit hindi… Bakit hindi, (ang ibig kong sabihin), pinagawa kay Moises ang ministeryo ng ikapitong anghel, kung siya'y immortal, tulad din nama ni Elias? Bakit hindi sila… Bakit hindi na lang nagsugo ang Diyos, at nagsabing, "Elias, nagtrabaho ka na nang husto, at lahat na, sa iba't-

ibang dakong ito, palagay ko'y si Moises na lang ang isusugo ko." Bakit? Tignan n'yo ang ministeryo ni Moises. Si Elias ay propeta ng lahat ng bansa, ngunit si Moises ay tagapagbigay ng kautusan para sa mga Judio lamang. Naroon si Moises upang magsabing… Buweno ang dahilan na kasama siya ni Elias…

132 Ang mga Judiong iyon ay nagsasabi, "Sandali lang, sinusunod pa rin namin ang kautusan dito." Ngunit nakatayo na dito mismo si Moises, at katabi niya si Elias. Kita n'yo, dumarating siya para sa mga Judio lamang. Kita n'yo, sa mga Judio lang nagtungo si Moises. Ang propetang Elias ay para sa lahat ng bansa, ngunit si Moises ay naging isang propeta at tagapagbigay ng kautusan sa mga Judio. Kita n'yo? Iyon ang kaniyang mensahe: ang kautusan. Ngunit ano ang mensahe ni Elias? Sa mga babaeng pugot ang buhok, sa mga denominasyon. Opo, at talagang tinira niya sila nang husto: mga pinturado ang mukha. Ang sabi niya sa kanila, "Ipakakain kayo sa mga aso." Talagang tinira sila nang husto.

At nang ang espiritu niya ay dumating kay Juan, bigla siyang lumabas mula sa ilang at ganun din ang ginawa niya. Tama. Aniya, "Huwag n'yong isipin na kabilang kami sa ganito o ganiyan. "May kaya ng Diyos na magpalitaw ng mga anak kay Abraham mula sa mga batong ito." Nagtungo siya ro'n, at sinabi niya, "Ibig mong sabihin pinakasalan mo ang sarili mong bayaw?" Sabi niya, "Laban sa kautusan ang ginawa mo." Kapatid (Whew, hm), sinabi niya sa kaniya. Talaga.

133 Pansinin n'yo, kailangang maghintay ang mga kaluluwang ito ng kaunti pang panahon para mapaslang ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Oh, hindi ba't napagtutugma-tugma niyan ang Biblia? Ngayon, eksakto lang ang tapos ko, kung magpapauwi ako nang medyo maaga, ngunit may ilan pa akong mga bagay na sasabihin kung makapagtitiis kayo. Alam kong maalinsangan, at pinapawisan ako, ngunit makinig kayo. May sasabihin ako sa inyo; sadyang napakainam nito, nagaalab ito sa puso ko. Umaasa akong hindi n'yo ito nakalimutan. Kita n'yo? Hayaan n'yong sabihin ko ito sa Kaniyang presensiya. Sa biyaya Niya ay ipinahintulot Niya ring makita ko ang aking bayan di pa katagalan na nakasuot ng mga puting damit. Natatandaan n'yo? Natatandaan n'yo ang kuwento? Hindi pa katagalan, ang Nobyang Hentil… Naroon na sila ngayon. Lahat sila'y nakasuot ng puting damit.

134 Nagising ako. Galing ako sa isang gawain nu'n. Mga isang taon na'yun o higit pa nang kaunti. Nagising ako isang umaga, at bumangon ako, at sabi ko, "Sweetheart," sa asawa ko. Hindi siya kumilos. Ang mga bata ay malapit nang… Kailangan kong bumangon at ihatid ang mga bata sa iskwelahan, malapit sa dati naming lugar. Buweno, bumangon ako sa kama. Alam n'yo na at humilig… Alam n'yo na kung paano kayo umuupo at isinasandal n'yo ang inyong ulo sa ulunan ng kama. (Mayroon kaming isang lumang kama.) Kaya sumandal ako nang paganiyan. At naisip ko, "Naku, singkwenta'y tres ka na. Kung may gagawin ka para sa Diyos, makabubuting gawin mo na nang mabilis dahil di magtatagal tatanda ka na nang husto." At naisip ko, "Alam mo, tama iyon." Naisip ko, "Naku, alam mo, di na masyadong magtatagal. Sandali na lang kailangan ko nang pumanaw." Sabi ko, "Iyon ay higit lang ng isang taon sa inihaba ng buhay ng tatay ko." Kita n'yo? Naisip ko, "Di magtatagal kailangan ko nang umalis." Naisip ko, "Alam mo, wala pa akong nagagawa para sa Diyos."

Naisip ko, "Dati ko pa gustong may magawa para sa Kaniya." Naisip ko, "Kailangang gawin ko iyon nang madali, kung gagawin ko, at hindi ko alam kung paano ko iyon gagawin; iyon lang."

135 Naisip ko, "Naku, sana'y buhay pa ako sa pagdating Niya. Ayokong maging isang multo o isang espiritu." Kita n'yo? (Dati pa'y takot na ako sa espiritu.) At ako'y... Alam n'yo, ang klaseng iyon ng... Tulad ng akala ko dati, kung magkikita kami ni Brother Neville siya'y magiging isang munting puting ulap na gagalaw-galaw, alam n'yo na, at sasabihin ko, "Kumusta, Brother Neville." At sasabihin niya, "Kumusta, Brother Branham," sa pamamagitan ng kung ano'ng pandama; hindi siya makapagsasalita. Ngunit malalaman ko na siya si Brother Neville. Siya'y... Gusto ko sanang kamayan siya gaya ng lagi kong ginagawa, dahil ganun ang alam kong tao. Kita n'yo, gusto ko siyang kamayan, ngunit wala siyang kamay. Naroon 'yon sa libingan at nabulok na. Kita n'yo? Naisip ko, "Naku, sana'y hindi ko na kailangang maranasan 'yon." Ngayon, hindi ako... Ngayon, sasabihin ko sa inyo ang totoo. Takot akong mamatay noon, hindi ako takot na ako'y mapapahamak, ngunit ayokong maging isang espiritu. Gusto kong manatili lang na isang tao. Gusto kong maghintay sa pag-agaw. Kita n'yo? Gusto ko lang manatiling ganun. Ayokong maging isang espiritu, na pagala-gala.

136 Nakahiga ako roon at iniisip ko 'yon, at bigla na lang may nangyari. Ngayon, alam n'yo, at lahat kayo ay pamilyar sa pangitaing iyon; at kung iyon ay pangitain, hindi pa ako nakaranas ng katulad niyon (Kita n'yo?), at simula pa nung maliit na bata ako ay nakakakita na ako ng mga pangitain. At bigla na lang may nangyari, at naramdaman kong umaalis ako. Naisip ko, "Oh, oh." At akala ko, namatay na ako (Kita n'yo?), at pumanaw na ako." Kita n'yo? At nakarating ako sa isang lugar; naisip ko, "Palagay ko'y lilingon ako pabalik. Singtotoo ito mga kaibigan ng pagkakatayo ko rito. At pumihit ako para lumingon, at naroon ako't nakahiga sa kama. Nakaunat ako, sa tabi ng misis ko. Naisip ko, "Buweno, siguro'y atake ito sa puso." Kita n'yo? Naisip ko, "Buweno, kita mo, bigla na lang akong namatay," at iyon ay magiging isang mainam na paraan ng paglisan. Kaya naisip ko, "Atake nga 'yon sa puso. Hindi ko na kinailangang maghirap." Tumingin ako at naisip ko, "Buweno, teka muna, kakatuwa ito, nakahiga roon, at nakatayo ako rito."

137 Kaya pumihit ako, at para 'yong isang napakalaking kaparangan o kung anuman, isang napakalawak na kaparangang puno nang pinong-pinong

damo (bluegrass). At sabi ko, "Buweno, ano kaya ito." At bigla na lang, sa paglingon ko, narito't dumarating ang libo-libong kadalagahan, lahat ay nakaputing damit, hanggang baywang ang mga buhok, nakayapak, at tumatakbo silang papalapit sa akin. Naisip ko, "Teka muna, ano ito?" Pumihit ako at lumingon ako pabalik, at naroon ako. Lumingon ako sa gawing ito; papalapit na sila. Kinagat ko ang daliri ko. Sabi ko, "Hindi naman talaga tulog," ngunit may pakiramdam ako. At sabi ko, "Aba'y kakatuwa ito." At tumatakbong papalapit ang mga babaeng ito. At hindi pa ako nakakita ng gayong kagagandang mga babae, at lahat sila'y nagsisilapit sa akin. At nang tumakbo sila sa akin... Alam n'yo kung paano ako, medyo... Tinatawag nila akong galit sa babae, ngunit hindi po. Kita n'yo? Ngunit—sa palagay ko ang isang mabuting babae ay isang hiyas. Ngunit sa palagay ko ang isang di mabuting babae ay, gaya ng sabi ni Solomon, "tubig sa iyong dugo." Kaya tunay ngang ayw na ayaw ko ng mga babaeng masama ang reputasyon o mga akala mo kung sino.

138 At naglapitan ang mga babaeng ito; sinimulan nila akong yakapin. Ngayon, kakaiba 'yon. Alam n'yo, hindi ko papayagan 'yon. Kaya't... At sila'y... Ngayon, kakailanganin ko itong sabihin sa paraang... Halo-halo ang mga tagapakinig ko; ngunit sila'y mga babae. Mga babae sila, at niyakap ng bawat isa sa kanila, at ang sabi, "Mahal naming kapatid." At sali't salitan sila sa pagyakap sa akin. Nakatayo ako roon at nagmamasid, at naisip ko, "Buweno teka muna, ano na ito?" Kita n'yo? At nakatayo sila roon. At naisip ko, "Ano'ng nangyari?" Lumingon ako ulit sa ibaba, at naroon ako't nakahiga sa kama; at heto't nakatayo ako rito. Naisip ko, "Ngayon, kakaiba ito. Hindi ko ito naiintindihan." At sumisigaw ang mga babaeng iyon, "Oh, mahal naming kapatid," at niyayakap ako. Ngayon, babaeng babae ang hipo nilang lahat.

139 Ngayon, pagpaumanhinan n'yo ako, mga kapatid na babae, sa pagsasabi ko nito, dahil... Ngunit nakikinig kayo sa inyong mga duktor; at kung hindi malinis ang ating mga kaisipan, hindi tayo mga Cristiano. Hindi mahalaga... Simula't sapul ay namuhay ako nang malinis; alam 'yan ng Diyos. Noong bata pa ako, sinabihan ako ng Anghel ng Panginoon na huwag kong dudungisan ang katawan ko, huwag akong manigarilyo, o uminom, at iyan ang toto. Sa biyaya ng Diyos ay natupad ko 'yon. Nung makasalanan pa ako, hindi ako nambabae. At kaya... Ngunit sinumang lalaking nagpapayakap sa isang babae (siya na binubuo ng mga selula ng lalaki at siya naman ng babae), may madarama siyang sensasyon.

Wala akong pakialam kung sino ka; huwag mong sabihin sa aking hindi ka gayon kung malusog ka bilang isang tao. Ngunit hindi ganun doon, dahil hindi na magkakaiba ang inyong mga selula. Hindi ka magkakasala pa roon. May nabago. Pawang pag-ibig lamang sa kapatid ang nadama ko sa mga babaeng iyon.

140 Bagama't sa kayumian niya kung pagmasdan, sa palagay ko, ang isang babae, ang isang mabuting babae na iniingatan ang kaniyang sarili at lumalakad na tulad ng isang mahinhing dilag, siya'y halimbawa ng isang hiyas sa lupa. Gusto ko ang anumang bagay na mahinhin, at iniisip kong ang isang babaeng nag-iingat ng kaniyang katayuan at nagsisikap na maging isang mahinhing dalaga ay isang bantayog ng karangalan. Naniniwala ako riyan; at sa palagay ko ang isang hindi gayon ay gaya rin ng—ni Cristo at ng anti-cristo: pareho rin. Gusto ko ang anumang bagay na natural...

141 Tulad ng isang magandang kabayo, at ang tindig niya ay larawan ng isang tunay na magandang kabayo, o anumang tulad niyaon. Ang isang magandang bundok, magandang kababaihan, matitikas na lalaki, anumang bagay na nananatili sa pagkakalikha ng Diyos, lagi ko itong hinahangaan, at sakdal ang mga ito. Ngunit gaano man nila ako yakapin (At mga babae sila; nauunawaan n'yo.), ngunit hindi roon maaaring magkaroon ng pagkakasala. Ang mga glandulang panlalaki at pambabae ay kapuwa wala na. Salamat sa Panginoon. Ganap silang mga kapatid kong babae. Tumingin ako at nagpasimula akong... Tinignan ko ang mga kamay ko. Nakita kong napakabata nilang lahat, at tumingin ako; ako ma'y bata rin. At ako'y... Binatilyo pa lang ako ay nalalagas na ang buhok ko, nalagyan ito ng carbolic acid ng isang barbero, at nakalbo ako nung ako'y bata pa; at lagi nang nangyayari sa akin na ako'y mabilis na sipunin, dahil malambot pa ang anit ko, alam n'yo na, at naroroon pa rin ang mga ugat ng buhok, ngunit nasunog ng carbolic acid, at hindi na maaaring tumubo ang buhok. Kita n'yo? maraming taon na ang nakakalipas, ibinili ako ng misis ko ng isang peluka para isuot—isang munting peluka, para isuot, upang ipantakip sa ulo ko, ngunit simula't sapul ay nahihiya akong isuot ito dahil mukha itong isang bagay na peke, at ayaw ko ng anumang bagay na peke. At kaya naisip ko, "Magsusuot na lang ako ng stocking cap." At ginawa ko 'yon sa loob ng ilang panahon, alam n'yo kung anong ginawa nila? Tinawag nila akong "Obispo", sabi nila gusto ko raw maging isang...?... Sabi ko na lang, "Hayaan mo na siya." Kaya nagtiis na lang ako sa malalang sipon at hinayaan itong... Ngunit ako'y... Itaas n'yo lang ang mga bintanang iyan, o anuman, at may kaunting hangin na pumasok na ganiyan, naku, sisipunin na ako.

142 At pumunta ako sa isang duktor at tinanong ko siya kung anong palagay niya. Sabi niya, "Buweno mangyari kasi, nakabuka ang maliliit na butas ng iyong balat. Pinagpapawisan ka sa pangangaral. Pumapasok ang hangin; nalalagyan ng mikrobyo ng sipon ang mucus; at bumababa ito sa lalamunan mo. Kinabukasan malat ka na. Iyon 'yon." At—at kaya nga... Ay, naku, kayong may mga buhok, hindi n'yo

alam kung gaano kaya dapat magpasalamat. At... Tama iyon. Kita n'yo? At natuklasan kong... Magkakaroon ako... isa sa mga araw na kung hindi ko makuha ang aking mga ngipin, kakailanganin kong magkaroon ng ilan niyon, at kaya,... o kaya'y magtiis na lang na wala ang mga iyon. Kaya kung ang isang tao—kung ang isang tao... Palagay ko'y walang kaibahan kung ang isang lalaki, kung gusto niyang magsuot ng peluka sa paglalagay ng isang babae ng mouses o rats o kung anupaman ang inilalagay nila sa kanilang buhok para ito'y patayuin. Kita n'yo? Ngunit siyempre kung ginagawa n'yo 'yon, depende iyan sa dahilan kung bakit n'yo iyon ginagawa. Kita n'yo? Depende iyan sa inyong motibo. At kaya nga...

143 Ngunit ganunpaman, sa pagkakatayo ko ro'n, kinapa ko ang aking ulo, at may buhok na ako ulit. Naku, bumata ako, at lahat itong mga batang... At naisip ko, "Buweno, hindi ba't nakapagtataka ito? Narito sila," at lahat sila'y tumatakbo... At nakita kong paparating—nakita kong dumarating si Hope; ang itsura niya'y... Alam n'yo beinte dos siya nang mamatay. Ganun pa rin siya kaganda. Marami sa inyo ang nakakaalala sa kaniya, ang mabibilog at maiitim niyang mga mata. Isa siyang Aleman, nakalugay sa likuran niya ang kaniyang maitim na buhok. Naisip ko, "Ngayon, pagdating niya rito, sasabihin niya, "Bill." Alam kong 'yon ang gagawin niya. Alam kong sasabihin niya 'Bill" pagdating niya rito. Nagmamasid ako, at bawat isa sa mga babaeng ito na lumalapti, ay yumayakap sa akin at nagsasabing, "Mahal naming kapatid, nagagalak kaming makita ka."

144 Wari ko'y magkakapareho ang bihis ng bawat isa, ngunit magkakaiba ang kanilang mga buhok, alam n'yo na, may pulang buhok at itim na buhok, at olandesang buhok, at naglalapitan sila, ngunit lahat sila'y mga bata. At paglapit niya sa akin, naisip ko, "Makikita ko kung anong sasabihin niya." At tumingala siya sa akin, at sabi niya, "Oh, mahal naming kapatid." Niyakap niya ako, at umalis na siya. May iba pang mga babaeng dumating, at sila ang sumunod na yumakap sa akin. At nakarinig ako ng ingay, at tumingin ako sa gawing ito, at narito dumarating ang isang grupo ng kalalakihan, mga kabinataan, lahat ay sa edad

na mga beynte anyos. May itim ang buhok at ang iba'y may olandesang buhok, at lahat sila'y nakaputing damit at nakayapak, at patakbo silang lumalapit sa akin at sinimulan nila akong yakapin at sumisigaw sila, "Mahal na kapatid." Naisip ko... at tumalikod ako, at naroo't nakahiga pa rin ako. At naisip ko, "Aba, kakaiba ito." At sa pagkakataong iyon ay may isang tinig na nangusap sa akin; hindi ko nakita ang nagsasalita. Ang sabi ng tinig, "Ikaw ay tinipon... Kita mo, tinipon kang kasama ng iyong pamilya." At may ilang lalaki na nag-angat sa akin, at iniupo ako sa isang malaki't mataas na bagay na tulad nito. Sabi ko, "Bakit n'yo ginawa 'yon?" Anila, "Sa lupa ay isa kang pinuno."

145 At sabi ko, "Buweno, hindi ko ito maintindihan," habang kinakausap ako ng tinig na iyon. (Hindi ko nakikita ang tinig. Ngayon, nasa bandang ulunan ko lang Iyon, kinakausap ako.) Sabi ko, "Buweno, kung namatay na ako, gusto kong makita si Jesus." Sabi ko, "Ako'y... Siya'y... Siya ang buong buhay ko; gusto ko Siyang makita." At kaya sinabi niya, "Hindi mo pa Siya makikita ngayon. Nasa mas mataas pa Siyang dako." Kita n'yo, nasa ibaba pa 'yon ng dambana (Kita n'yo?), ang ikaanim na dako kung saan ay napupunta ang mga tao (Kita n'yo?), hindi pa iyon ang ikapito na kinaroroonan ng Diyos, ang ikapitong dimensyon, sa ikaanim 'yon. At naroon silang lahat at sila'y dumadaan, at sabi ko,... Tila milyun-milyon sila. Hindi ko pa sila nakita... At nakaupo ako roon. Ang mga babae at lalaking ito ay nagsisitakbo pa rin at dumadaan sa akin at niyayakap ako, at tinatawag akong kapatid.

146 Habang nakaupo ako roon, may tinig na nagsabi sa akin, "Tinipon kang kasama ng iyong pamilya tulad ni Jacob na tinipong kasama ng kaniyang pamilya." Sabi ko, "Lahat ba ng mga ito'y kapamilya ko? Lahat ba sila'y mga Branham?" Sabi niya, "Hindi, sila ang mga inakay mo kay Cristo." At tumingin ako sa paligid, at may isang napakagandang babae na patakbong lumapit. Ang itsura niya'y tunay na... Halos magkakahawig sila. Niyakap niya ako, at ang sabi niya, "Oh, mahal kong kapatid." Tinignan niya ako. Naisip ko, "Naku, para siyang isang anghel." At umalis na siya, at sinabi ng tinig, "Hindi mo ba siya nakilala?" Sabi ko, "Hindi, hindi ko siya nakilala..."

Aniya, "Inakay mo siya kay Cristo nu'ng mahigit nobenta anyos na siya." Aniya pa, "Alam mo na kung bakit sobra ang pahalaga niya sa'yo?" Sabi ko, "Mahigit nobenta na ang magandang dalagang iyon?" "Oo," ang sabi niya, "Hindi na siya maaaring magbago ngayon." Aniya, "Iyon ang dahilan kaya ang sabi niya, "mahal na kapatid." Naisip ko, "Ay, naku, at kinatatakutan ko ito dati. Aba'y, tunay ang mga taong ito." Hindi sila aalis do'n. Hindi sila nasusuya na manatili ro'n. At sabi ko, "Buweno, bakit hindi ko puwedeng makita si Jesus?" Sabi niya, "Buweno, darating Siya isang araw, at ikaw ang unang pupuntahan Niya, at ikaw ay hahatulan." Aniya, "Ang mga taong ito ay mga inakay mo na iyong pinamunuan." At sabi ko, "Ibig mong sabihin dahil sa isa akong pinuno, hahatulan Niya ako?" Sabi niya, "Oo." At sabi ko, "Bawat pinuno ba ay hahatulan ng ganun?" Aniya, "Oo." Sabi ko, "E si Pablo?" Sabi niya, "Hahatulan din siya kasama ng kaniyang mga naakay." "Buweno," sabi ko, "kung makapapasok ang grupo niya, gayon din ang sa akin, dahil ipinangaral ko ang kapareho-kaparehong Salita." Sabi ko, "Kung nagbautismo siya sa Ngalan ni Jesus, gayon din ako. Nangaral ako ng…" At milyun-milyon ang sumigaw nang sabay-sabay, anila, "Nagtitiwala kami riyan." At naisip ko, "Naku, kung nalaman ko lang ito bago ako naparito, papupuntahin ko ang mga tao rito. Hindi nila makakayang palampasin ito. Aba'y tignan n'yo…" At pagkatapos ay sinabi niya, "Isang araw ay darating Siya, at… Ngayon, dito'y hindi kami kumakain, umiinom, o natutulog; iisa lang kaming lahat.

147 Aba'y, hindi ito sakdal; higit pa ito sa sakdal. Hindi ito kahangahanga; higit pa ito sa kahanga-hanga. Wala kang anumang maisip na maitawag… Walang anumang salita o bokabularyo para isaysay ito. Basta't nakarating ka na; iyon lang. At naisip ko, "Buweno, magiging sakdal ito. At pagkatapos, ano'ng susunod nating gagawin?"

Sabi niya, "At pagdating ni Jesus, tayo'y… At hahatulan ka Niya sa iyong ministeryo, pagkatapos ay babalik tayo sa lupa at kukuha tayo ng mga katawan." (Buweno, naisip ko no'n; ayon na ayon iyon sa Kasulatan.) Aniya, "Pagkatapos ay babalik tayo sa lupa at kukuha tayo ng mga katawan; pagkatapos ay makakakain na tayo. Hindi kami kumakain dito, ni natutulog man." Aniya, "Kakain tayo doon sa ibaba. Ngunit babalik tayo sa lupa."

148 Naisip ko, "Naku, hindi ba't kamangha-mangha ito." Ay, naku, at kinatatakutan ko ito dati. Bakit ba ako natatakot mamatay dati, at pumarito? Aba'y, kasakdalan ito, dagdagan mo pa ng kasakdalan, at ng kasakdalan pa. Oh, kamagha-mangha ito. Kita n'yo, nasa silong mismo tayo ng dambana. Kita n'yo, iyon na 'yon. Nasa silong tayo mismo ng dambana, naghihintay sa Kaniyang pagdating (Kita n'yo?) upag kunin ang mga nangatutulog—sa—ang mga katawang natutulog sa alabok, upang bangunin tayong muli. Darating Siya, babangunin tayo—tulad ng pagdaan ni Jesus sa Paraiso at ibinangon sina Abraham, Isaac, at lahat sila, alam n'yo na, na naghihintay sa unang pagkabuhay na mag-uli. Pumasok sila sa siyudad at nagpakita sa marami, ayon na ayon sa Kasulatan. Naganap doon ang isang pangitain o anuman iyon, ayon na ayon iyon sa Kasulatan. At pagkatapos ay sinabi ko, "Buweno, hindi ba't kahanga-hanga ito." At naisip ko, "Hindi ba't kamangha…?" At nakarinig ako ng tila singasing ng isang kabayo. At tumingin ako, at ang munting kabayo na dating sinasakyan ko, si Prince (Lagi ko siyang naiisip.), ay nakatayo sa tabi ko at inihilig niya ang kaniyang ulo sa balikat ko para yakapin ako tulad ng kapag binibigyan ko siya ng pulot dati, alam n'yo 'yon. Inihilig niya ang kaniyang… Niyakap ko siya. Sabi ko, "Prince, alam kong mapaparito ka."

149 Naramdaman kong may humimod sa kamay ko. Naroon ang dati kong coon dog. Nang nilason siya dito ni Mr. Short, sumumpa ako na papatayin ko si Mr. Short dahil doon. Mga disi-sais anyos ako noon. Nilason niya siya, binigyan niya siya ng lason sa aso. Nahuli ako ng tatay kong bumababa na may hawak na ripple para barilin siya, doon mismo sa istasyon ng pulis. At sabi ko. "Papatayin ko siya." At sabi ko, "Buweno…" Pumunta ako sa libingan ng aso. Naisip ko…?... Sabi ko, "Fritz, naging parang katambal na kita. Dinamtan mo ako at pinag-aral; pagtanda mo, aalagaan kita; pero ngayo'y pinatay ka nila." Sabi ko, "Ipinangangako ko sa'yo, Fritz, na di siya mabubuhay." Sabi ko, "Ipinangangako ko sa'yo na di siya mabubuhay. Matitiyempuhan ko siya minsang naglalakad sa kalsada; sasagasaan ko siya." Kita n'yo? Sabi ko, "Papatayin ko siya para sa'yo." Ngunit alam n'yo ba? Inakay ko ang lalaking iyon kay Cristo, binautismuhan ko siya sa Pangalan ni Jesus, at ako ang naglibing sa kaniya

nang siya'y mamatay. Ilang taon pagkatapos noon ay nakilala ko ang Panginoon. Naiba na ang pananaw ko sa mga bagay nung panahong iyon. Kita n'yo? Minahal ko siya sa halip na kamuhian siya.

150 Kaya nga, kung papaano man, naroon si Fritz at dinidilaan ako sa aking kamay. At tumingin ako… Hindi ako makaiyak. Walang maaaring makaiyak. Pulos kagalakan lang ang naroon. Hindi ka maaaring malungkot, dahil lahat doon ay kaligayahan. Hindi ka maaaring mamatay, dahil lahat doo'y buhay. Kita n'yo? Hindi ka maaaring tumanda, dahil lahat doo'y kabataan. Kita n'yo, iyon ang… Sadyang sakdal iyon. Naisip ko, "Oh, hindi ba't kagila-gilalas ito?" At ang milyun-milyong… Ay, naku. Panatag na panatag ako. Kita n'yo? At sa sandaling iyon nakarinig ako ng isang tinig at sumisigaw ito, ang sabi, "Lahat ng minahal mo…" (Gantimpala sa aking paglilingkod). Hindi ko kailangan ang anumang gantimpala. Sabi niya, "Lahat ng minahal mo, at lahat ng nagmahal sa'yo, ay ibinigay ng Diyos sa'yo." Sabi ko, "Purihin ang Panginoon." Kakatwa ang naging pakiramdam ko. Naisip ko, "Ano ang nangyayari? Kakatwa ang pakiramdam ko." Pumihit ako at tumingin, at naroon sa kama ang katawan ko't kumikilos. Sabi ko, "Oh, tunay na di ko na kailangang bumalik. Huwag mo na akong pabalikin." Ngunit kinakailangang ipangaral ang Ebanghelyo. Sa isang iglap, nasa kama muli ako (Kita n'yo?), ganiyan.

151 Wala pang dalawang buwan ang nakalilipas, nang… Narinig n'yo nang binasa 'yon sa—sa Business Men's "Voice." Nakarating iyon sa buong mundo. Kita n'yo? At itong si Brother Norman, narito siya—palagay ko'y narito siya ngayong gabi, isinalin niya ito mula roon at ipinamigay ito sa anyo ng mga pamplet. Nakarating iyon sa lahat ng dako. At may mga ministrong sumulat sa akin, marami sa kanila, na nagsasabing… Isa rito na… Sasabihin ko lang ang isang ito. Anupa't daan-daan ang mga iyon. Ang isang lalaking ito'y nagsabi, "Brother Branham, ang pangitain mo sa Business Men's "Voice"…" At pinasasalamatan ko si Tommy Nickels. Bagama't wala na siya sa Business Men (Hindi ko alam kung bakit, pero wala na siya), ngunit tamang tama ang pagkakasabi niya ro'n. Nang sabihin ko… doon mismo sa magazine ng Trinitarian, sabi niya, "Kung papaanong ako'y… Kung papaanong nagbautismo si Pablo sa Ngalan ni Jesus at nag-utos sa mga taong ganun din ang kanilang gawin, gayon din ang ginawa ko," kita n'yo. Sinabi niya 'yon nang ganung-ganun. Kita n'yo?

152 At kaya nga naisip ko, "Naku…" At sumulat ang ministrong ito at sabi niya, "Brother Branham, ang pangitain mo…" At maaari ngang isa itong

pangitain. Aniya… Ngayon, ayokong sabihing iyon ay paglipat (translation). Kung si Pablo… Kung iniangat ako sa unang langit at iyon ay nakita ko, paano naman si Pablo na iniangat sa ikatlong langit. Anu'ng… Sabi niya'y ni hindi siya makapangusap tungkol dito (Kita n'yo?), kung siya ay iniangat nga. Kung ito'y isang pag-agaw, hindi ko alam; hindi ko masabi. Hindi ko masasabi sa inyo. Ngunit ang sabi ng ministrong ito, "Brother Branham, tugma sa Kasulatan ang pangitain mo at tama hanggang sa mangusap ka tungkol sa isang kabayong naroroon." Sabi niya, "Isang kabayo sa langit?" Aniya, ang… Tignan n'yo ang kaisipan ng taong may karunungang eklesiyastikal. Kita n'yo? Sabi niya, "Ginawa ang langit para sa mga tao, hindi para sa mga kabayo."

153 Buweno, naupo ako. Inilagay ng anak kong si Billy na naririto, ang sulat sa opisina ng lumang simbahan, mga tatlo o apat na buwan na ang nakalilipas. Sabi ko, "Mahal kong kapatid, nagulat ako sa'yong karunungan, at sa kaalaman mo sa Kasulatan. Hindi ko sinabing nasa langit ako. Ang sabi ko'y iyon ay sa isang dakong tulad ng paraiso, dahil nasa itaas pa si Cristo." Kita n'yo? Ngunit ang sabi ko, " Kung ikasisiya mo, buklatin mo ang Apokalipsis 19, kung saan ay humayo si Cristo mula sa kalangit-langitan, na nakasakay isang puting kabayo, at lahat ng mga banal na kasama Niya ay nakasakay sa mga puting kabayo." Tama, talagang tama. Talagang tama. At sa dako ring iyon, may nilalang na katulad ng isang agila, at ng isang baka, at ay, naku… Aba'y, naku, saan galing ang mga kabayong kumuha kay Elias? Ipinakikita lang nito (Kita n'yo?), na sadyang gusto lang ng makataong kaisipan na maghanap ng isang bagay na mapupulaan. Tama.

154 Ngayon, pansinin n'yo. Ngunit iniisip ko lang, habang ang mahal at makadiyos na kapatid na si Juan… (Naisip ko lang na magandang isingit iyon, bago tayo magtapos. Kita n'yo?) Kung sa pagtingin ni Juan doon, ang nakita niya ay ang kaniyang mga kapatid (Kita n'yo?), mga kapatid niya na kailangan pang magtiis nang kaunti; pagkatapos, kita n'yo, ipinahintulot din ng Diyos na makita ko ang aking mga kapatid at ang mga banal na naghihintay sa pagdating ng Panginoon. Pansinin n'yo, wala sila sa silong ng dambana ng hain. Ang sa aki'y wala roon; ngunit naroroon ang mga ito. Sila'y mga martir. Kita n'yo? Ang sa aki'y wala sa silong ng dambana ng mga martir. (Ngayon, gusto kong makinig kayong mabuti. At matatapos na ako, totoo, mga sampung minuto na lang, mga alas-diyes, kung kailangang putulin ko at tatapusin ko na lang

bukas.) Tignan n'yo. Hindi sila ang aking mga… Sila na ipinakita ng Panginoon sa akin, ang Nobya, wala siya sa silong ng bloke ng mga martir, wala, sa dambana ng hain ng mga martir, ngunit tumanggap sila ng mga puting balabal sa pamamagitan ng pagtanggap sa mapagpatawad na biyaya ng buhay na Salita. Binigyan sila ni Cristo ng isang puting balabal.

155 Hindi ko iniisip, na sa pagbubukas… Iniisip ko, ang ibig kong sabihin, na sa pagbubukas ng Ikalimang Tatak na ito, yamang naniniwala akong nabuksan na ito sa atin… Ginawa ko ito ng may mabuting budhi, na may malinaw na kapahayagan sa harap ng Diyos, hindi lang sa pakiwari, dahil dati pa'y laban na ako sa mga organisasyon, hindi ako kailanman mapabibilang sa kanila, ngunit bukas na ito sa akin ngayon. At isang bagay pa ang iniisip ko: sa pagbubukas ng Ikalimang Tatak sa araw na ito, naituwid ang isang katuruan na maaaring ipangusap ko, tungkol sa pagtulog ng kaluluwa. Ngayon, nauunawaan kong may mga tao ritong naniniwala riyan (Kita n'yo?), sa pagtulog ng kaluluwa. Sa palagay ko iyon ay pinamalian nito. Hindi sila natutulog; buhay sila. Natutulog ang mga katawan nila, ngunit wala sa libingan ang kaluluwa nila. Nasa Presensya sila ng Diyos sa silong ng dambana.

156 Dito ako di sumasang-ayon sa isang mahal na kapatid, isang guro. At napansin ko—alam ko't nakikita kong nakaupo rito ang ilan sa mga tao niya, at napagtanto kong isa siyang dakilang guro. Isa siyang duktor sa—isang doctor of divinity, at isang Ph., L.L.D., at siya'y isa ring tunay na mabuting tao. Wari ko'y patay na siya ngayon, ngunit siya'y isang mabuting tao at isang mabuting manunulat. At siya'y si Brother Uriah Smith, ang may-akda ng "Daniel of Revelation."

157 Ngayon, sa inyo na tagasunod ng kaniyang katuruan (Kita n'yo?), ngayon, hindi ko… ayokong sabihin ito nang may pagkaarogante, ngunit akin lang… Kita n'yo, ngunit si Brother Smith sa pagpipilit na katigan… Kita n'yo? At sa pagsusumikap na pagtibayin ang pagtuloy ng kaluluwa, binanggit niya roon na natutulog ang kaluluwa, at walang dambana ng hain sa langit, na ang tanging dambana na nabanggit sa langit sa paniwala niya ang dambana ng kamangyan. Ngunit para sa inyo mga minamahal (at hindi sa di pagsang-ayon sa aking kapatid; inaasahan kong magkikita kami sa kabilang ibayo. Kita n'yo?) hindi sa pagsalungat sa dakilang gurong iyon; ngunit para lang ipakita sa inyo kung paanong iyon ay pinamalian nito… Kita n'yo? Iyon ay pinamalian ng pagbubukas ng Tatak na ito sa huling araw na ito; sadyang lubos nitong hinahawi ang pagtulog ng kaluluwa. Kita n'yo? Sila'y buhay. Hindi sila patay. (Kita n'yo?)

158 Pansinin n'yo, pansinin n'yo ito ngayon. Ngayon, kung walang dambana ng hain sa langit, saan naroon kung gayon ang hain para sa kasalanan, ang Cordero? Kailangang may isang dako kung saan ay nakalapag ang pinaslang na Corderong duguan, na kinaroroonan din ng Dugo. Ngayon, ang kamangyan ay ang mabangong bagay na sinusunog nila, na ayon sa Biblia ay ang mga panalangin ng mga banal. Kung walang hain sa dambana, kung gayo'y hindi matatanggap ang mga panalangin. Sa pamamagitan lang ng Dugo sa dambana ng hain nakararating ang mga panalangin sa Diyos. Mali si Brother Smith (Kita n'yo?),

hindi sa sumasalungat ako sa kaniya. Palagay ko'y nalinaw ko na ang aking sarili, na may pag-ibig sa kapatid at paggalang sa kaniyang dakilang gawa (Kita n'yo?), ngunit mali siya.

159 Nabuksan diyan ang Ikalimang Tatak (Kita n'yo, kita n'yo?), at marami pang ibang mga bagay, kung nasapo n'yo. Kita n'yo, maghihintay ako sa mga tanong na magpapakita... Sige. Ngayon, nasaan ang arka, ang pinaslang, sugatan, nagdurugo, at duguang Cordero para sa katubusan, para sa mabangong mga panalanging ito? Pansinin n'yo, sinasabi ng Biblia: "Kung ang makalupang tabernakulong ito na pinanahanan natin ay masira, may isa nang naghihintay sa atin." Doon ko nakita ang mga banal na iyon. Kita n'yo?

160 Masdan n'yo kapag ang sanggol... Ipagpaumanhin n'yong muli mga kapatid kong babae, ang tuwirang pangungusap na ito sa harap ng mga bata at mga kababaihan. Ngunit masdan n'yo, kapag nagbuntis ang isang ina, at ang munting bungkos ng mga kalamnan na iyon na papihit-pihit at paigtad-igtad (Nauunawaan n'yo.), ito ay isang natural na katawan. At kung paanong ginagawa ng kalikasan ang natural na katawan... Napansin n'yo ba ang misis n'yo bago magsilang ng sanggol? Sa tuwina'y nagiging mabait siya at malambing bago iluwal ang sanggol. Kung hindi pa siya naging gayon sa buong buhay niya, magiging gayon siya sa pagkakataong iyon. Napansin n'yo ba kung gaano kabanal o… ang uri ng pakiramdam... Napansin n'yo ang isang ina—at nakakakita kayo ng mga makasalanan sa labas na nagtatawa sa isang babaeng buntis. Sa palagay ko'y kahangalan 'yon. Buhay iyon na paparating sa sanlibutan. Ngunit napansin n'yo ba na sa paligid ng inang iyon ay may isang magiliw na pakiramdam. Ano ito? Iyon ay isang munting espirituwal na katawan, espirituwal na buhay na naghihintay na makapasok sa munting katawang iyon pagkasilang na pagkasilang nito. Ngayon, ipinagbubuntis pa lang ito; ngunit kapag ito'y isinilang na, ipinanganak na ito. Nagsasanib ang espirituwal na katawan sa natural na katawan.

161 {450} At itinuturo ng Biblia na tayo ngayo'y ipinagbubuntis na ng Diyos. Ipinagbubuntis tayo ng Espiritu Santo na ang nasa atin ay si Cristo, isang anak ng Diyos na nabubuo sa atin. At kapag nasira ang makalupang tabernakulong ito, ang katawang ito na galing sa sinapupunan ng lupa, may isang katawang naghihintay para tanggapin ito. Pag nahulog ang makalupang tabernakulong ito, may isang katawang naghihintay para tumanggap dito. Magbibihis ang mortal na katawang ito ng pagkaimortal. Itong katawang ukol sa lupa ay magbibihis ng katawang ukol sa langit. Itong… Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? May isang natural na katawan na makasalanan; ngunit may ginawang tulad niyon na ibang katawan na pupuntahan natin. At lubos akong nagpapasalamat sa Diyos na masasabi ko bilang pastor n'yo at kapatid, na nakita ko ang mga taong yaon, tulungan nawa ako, sa katawang iyon at nahawakan ko sila ng aking mga kamay. Tama.

162 Pansinin n'yo, masdan n'yo. Tignan n'yo si Moises. Si Elias, matapos na mamatay si Moises at dalin sa langit si Elias, tumayo siya roon sa Bundok ng Pagbabagong-anyo taglay ang kaniyang mga pandama upang makapagsalita, makarinig, makaunawa at nakipag-usap siya kay Jesus bago Siya ipako sa krus. Ngayon, anong uri ng katawan ang taglay niya? Tignan n'yo si Samuel. Mga dalawang taon na siyang patay nang pabalikin siya sa kuweba nung gabing iyon sa ng mangkukulam ng Endor at nakipag-usap siya kay Saul na may lengguwahe, narinig niya si Saul, sumagot siya, at nalaman ang mga bagay na maganap pa lamang; hindi nagbago ang kaniyang espiritu. Isa siyang propeta.

163 Kapag lumukob ang espiritu ni Elias sa isang lalaki, pakikilusin siya nito na tulad ni Elias. Pupunta siya sa ilang. Magugustuhan niya ang ilang. Mamumuhi siya sa mga immoral na babae. Magiging laban siya sa organisasyon. Hindi siya mag-uurong ng suntok para sa kaninuman. At iyon ang kaniyang magiging espiritu. Ganun iyon sa bawat pagkakataong ito'y dumarating. Kita n'yo? Si Moises ay magiging gayon din. Ngayon, at gayon din ang nakita natin sa Apocalipsis 22:8. Ngayon, para linawin ang tungkol sa mga kaluluwa (Ngayon, masdan n'yo ito.) na nasa silong ng dambana nang mabuksan ang Tatak na ito na pinaslang sa pagitan ng pagkamatay ni Cristo at ng pag-akyat ng Iglesia (ang grupo ni Eichmann at lahat ng mga iyon, ang mga tunay na Judio na ang mga pangalan ay nasa Aklat), kung mamasdan n'yo, mga kapatid, ayon sa Kasulatan ay nakapagsasalita sila, nakasisigaw, nakapangungusap, nakakarinig, at taglay lahat ng limang pandama, hindi natutulog sa libingan na walang malay. Gising na gising sila, at nakapagsasalita, nakapangungusap, nakakarinig, at lahat na. Tama ba? Oh, tulungan nawa tayo.

164 Dalawang minuto. Amen, Ipagpaumanhin n'yo na napatagal ko kayo ng kalahating oras. Hindi, hindi ko magagawa. Hindi ko dapat sinabi 'yon…?... Kita n'yo? Ngunit tignan n'yo, ito'y sa abot ng pang-unawa ko, sa abot ng kapahayagang ibinigay sa akin ng Panginoong Jesus Cristo kaninang umaga bago magliwanag, hayan ang binuksang Ikalimang Tatak upang lumakip doon sa apat na iba pa. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng biyaya Niya, ibinigay Niya ito sa akin, ang Kaniyang biyaya sa inyo at sa akin. Pinasasalamatan natin Siya dahil dito, at sa tulong Niya layon kong mabuhay nang mas malapit sa abot ng aking makakaya, na nagtuturo sa iba na gayundin ang gawin, hanggang sa makatagpo ko Siyang kasama kayo sa kaluwalhatian, kapag tapos na ang lahat ng bagay. Mahal ko Siya dahil dito, at ito ang abot ng aking nalalaman tungkol dito. At tunay akong nananampalataya nang buong puso ko na ang totoong mga kapahayagan ng paglalantad ng Una, Ikalawa, Ikatlo, Ikaapat, at Ikalimang Tatak ay bukas na ngayon sa atin. Mahal Siya, Mahal Siya, Pagka't minahal Niya ako Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

165 {459} [Nagpasimulang humimig si Brother Branham—Ed.] Ngayon, buong katahimikan, at paggalang sa harap ng Diyos, yamang nakita nating nabuksan ang Tatak na ito sa atin, kinailangang kunin ng Diyos ang Kaniyang mga minamahal na mga anak, at bulagin ang kanilang mga mata, at isugo sila, dahil ang Kaniyang katarungan ay humihingi ng hatol sa kasalanan… Isipin n'yo ito. Ang Kaniyang katarungan at ang Kaniyang kabanalan ay humihingi ng katarungan. Ang batas na walang kaparusahan ay hindi batas. At ang Kaniyang sariling mga batas, Siya mismo, hindi Niya maaring labagin ang mga ito at pagkatapos ay manatili pa rin Siyang Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit kinailangang maging tao ang Diyos. Hindi Siya maaaring kumuha ng kahalili, ng isang anak na hindi naman iyon, isang ordinaryong anak lang Niya o anuman. Ang Diyos ay naging kapuwa… Si Jesus ay naging kapuwa Anak at Diyos, iyon ang tanging paraan para magawa Niya ito nang makatarungan. Kailangang akuin Mismo ng Diyos ang kaparusahan. Hindi magiging makatarungang kung ipapasa ito sa iba, o sa ibang persona. Kaya't ang persona ni Jesus ay ang Diyos na nahayag sa laman na tinawag na Emmanuel. At para magawa iyon, at makakuha ng isang Nobya, at makapagligtas ng naliligaw na lupon ng mga hitenong Gentil, kinailangan Niyang bulagin ang

Kaniyang sariling mga anak, at pagkatapos ay parusahan sila sa laman dahil sa di nila pagtanggap; ngunit ang biyaya Niya ay naglaan ng mga balabal. Ngunit ang buhay... Nakita n'yo ang nangyari? At kung kinailangang gawin Niya 'yon para magkaroon tayo ng pagkakataon, papaano natin magagawang tanggihan ang pagkakataong iyon sa pag-ibig?

166 Kung mayroon ganung tao sa gusaling ito ngayong gabi, bata man o matanda, na hanggang sa ngayon ay tumatanggi sa opurtunidad na binayaran ng Diyos ng ganung halaga, at nais n'yong tanggapin ang alok na iyon ng Diyos ngayong gabi, na hindi mo na kailangang maging martir, sa abot ng nalalaman natin, bagama't maaari din naman, ngunit may inilaan nang isang puting balabal para sa iyo. At kung kumakatok ang Diyos sa puso mo ngayon, bakit hindi mo ito tanggapin. Ngayon, muli nating iyuko ang ating mga ulo. Kung ang taong 'yon o mga taong iyon na nagnanasa niyon ay naririto, o nais itong tanggapin ayon sa pananampalataya n'yo sa nabubong Dugo na kinailangang ibubo ng Diyos para sa inyo, nagdusa Siya nang higit sa kayang gawin ng sinumang mortal... Walang sinumang mortal na tao na maaaring magdusa ng gayon na sa Kaniyang pagdadalamhati ay humiwalay ang Kaniyang tubig sa Kaniyang Dugo sa Kaniyang mga ugat. Bago Siya nagtungo sa Kalbaryo, may mga patak na ng dugo na lumalabas mula sa Kaniyang katawan dahil sa matinding pagdadalamhati at pagkawasak ng puso, na kinailangang Niyang gawin, bagama't maaari Niyang tanggihan, ngunit kusang loob Niya itong ginawa para sa iyo at sa akin.

167 Kaya mo bang tanggihan ang gayong walang kapantay na pag-ibig? At nakikita n'yo ngayon, sa pagbubukas ng mga Tatak na ito, kung ano ang ginawa n'yo, at kung ano ang ginawa ng Diyos para sa inyo, at handa n'yo nang isuko ang inyong buhay sa Diyos, at kung aagawin Niya kayo sa mga kamay ng anti-cristo na kinaroroonan n'yo ngayon, tatanggapin n'yo ba ang Kaniyang alok sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong kamay sa Kaniya, na nagsasabi, "Diyos, sa pamamagitan nito, nagpapahiwatig ako; tinatanggap ko ang alok na biyaya. At, Brother Branham, hangad ko ang iyong mga panalangin na manatili akong tapat." Itaas n'yo ang mga kamay n'yo, at mananalangin ako. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Maging sinsero kayo ngayon. Huwag n'yong gawin ito malibang talagang sinsero kayo. At diyan sa kinauupuan n'yo, tanggapin n'yo ito diyan mismo; dahil tandaan n'yo, hindi mo maitataas ang iyong kamay malibang may nagsasabi sa'yong gawin mo ito, at walang ibang maaaring gumawa nito kundi ang Diyos.

168 Kaya ngayon, kapag nakita n'yong lubos na nalantad ang mga Kasulatan, makikita n'yo kung anong nangyari sa mga nagdaang kapanahunan, sa nakaraang ilang taon, dalawampu o tatlumpong taon, makikita n'yong ganap itong binindika. Nakikita n'yo na ganap na sinasabi ng Kasulatan kung ano ang nangyari, at ang mangyayari, at base sa pananampalataya sa gawa ni Cristo, sa kinakuupuan n'yo ngayon, ay nagtaas kayo ng inyong mga kamay, na nagsasabi, "Mula sa sandaling ito, tapos na. Tinatanggap ko ngayon si Cristo bilang aking Tagapagligtas, at mabubuhay ako para sa Kaniya sa nalalabing buhay ko, at ninanasa kong puspusin ako ng Diyos ng Espiritu Santo." At kung hindi pa kayo nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, naghihintay ang bautismuhan sa inyo. Manalangin tayo.

169 Panginoong Diyos, napakaraming itinaas na mga kamay sa kalagitnaan ng mga tao. At nakatitiyak ako na Ikaw rin ang Panginoong Jesus na gumawa ng katubusan para sa amin maraming taon na ang nakalipas, at sa pagkakita namin sa mga nalantad na Tatak na iyon at sa mga dakilang bagay na nagaganap dito nung nakaraang ilang taon, naniniwala ako nang buong puso ko na ang pintuan ng awa ay nagsisimula nang sumara, at handa Ka nang maglakbay ngayon para tubusin ang Iyong bayan. Habang may puwang pa at bukas na pintuan (tulad ng sa panahon ni Noe), nawa ang mga mahahalagang kaluluwang ito na nabubuhay sa katawan ng tabernakulong ito na masisira isang araw, na nagtaas ng mortal na kamay mula sa kalooban nila dahil sa kanilang kumbiksiyon at pagpapahayag na sila'y sumasampalataya at nais nilang tanggapin ang Iyong alok sa kanila para sa kaligtasan sa nabuksang selyadong Aklat na ito na nabuksan sa amin; bigyan mo sila, ngayong gabi, Panginoon, ng balabal ng katuwiran ni Jesus Cristo at damtan Mo niyon ang kanilang kaluluwa, upang makatayo sila sa harap Mo

sa araw na iyon, na napakalapit na, sakdal sa pamamagitan ng Dugo ni Cristo.

170 Panginoong Diyos, kung hindi pa sila nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, at batay sa kapahayagan na ibinigay Mo sa akin patungkol dito, at yamang nakita naming inutusan ni Pablo ang mga tao na nabautismuhan na ni Juan Bautista na magpabautismong muli sa Pangalan ni Jesus Cristo upang matanggap ang Espiritu Santo sa Mga Gawa 19. Hinihiling kong kumbinsihin Mo sila, Panginoon, ng Katotohanan, at nawa'y sumunod sila sa Iyo. At sa pagsunod nila sa pagtanggap at sa kanilang pagpapahayag patungo sa tubig, nawa'y bilang tugon sa kanila ay puspusin Mo sila ng Espiritu Santo para sa kapangyarihan upang makapaglingkod sa nalalabing

buhay nila. Ipinagkakatiwala ko sila ngayon sa Iyo sa Pangalan ng inihaing Cordero ng Diyos, na si Jesus Cristo. Amen. Amen. Mahal Siya, Mahal Siya, Pagka't minahal Niya ako Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

171 {471} Ngayon, sa inyo na nagtaas ng inyong mga kamay, sundin n'yo ang tagubilin ng Espiritu na aayon sa kayarian ng Salita para sa mga nagsisising makasalanan. Sundin n'yo ito nang lubos. At gagantimpalaan kayo ng Diyos ng kalangitan sa inyong paninindigan para sa Kaniya. Pagpalain kayo ng Panginoon. Dalhin n'yo bukas ng gabi ang inyong mga panulat at papel, gaya ng ginagawa n'yo. Umaasa tayong makaparito ng gayunding oras, eksaktong alas siete y medya, kung loloobin ng Panginoon. At ipanalangin n'yo ako na buksan ng Diyos ang Ikaanim na Tatak sa akin bukas, na magawa ko iyong maihatid sa inyo kung paano Niya ibibigay sa akin. Hanggang sa pagkakataong iyon, aawit tayong muli, hindi lang sa pamamagitan ng mga himno, kundi sa mga papuri sa Kaniya na namatay para sa atin at tumubos sa atin. Mahal Siya: Mahal Siya, (Ibibigay ko na ang inyong pastor ngayon.) Mahal Siya, Pagka't minahal Niya ako Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7